IMPORTANT: This document contains information that is no longer current but remains on our site for reference purposes.

I. Pangkalahatang Impormasyon sa Lahat ng mga Humihiling

A. Ano ang Ipagpaliban ang Pagkilos sa Mga Musmos o Bata Nang Dumating sa Bansa (Deferred Action for Childhood Arrivals)?

Sa loob ng nakaraang mga taon, ang Administrasyon na ito ay sumailalim sa isang hindi pa nagagawang pagsisikap para baguhin ang sistema ng pagpapatupad ng imigrasyon upang maging isang nagtutuon ng pansin sa seguridad ng bansa, kaligtasan ng publiko, seguridad sa border at integridad ng sistema ng imigrasyon. Habang patuloy na pinagtutuunan ng pansin ng Department of Homeland Security (DHS) na mga resources sa pagpapatupad ng batas sa pagpapaalis ng mga indibiduwal na nagbabanta sa pambansang seguridad o panganib sa pampublikong kaligtasan, ipapatupad ng DHS ang mabuting pagpapasya nito sa pag-uusig kung naaangkop para matiyak na ang pagpapatupad ng mga pinagkukunan ng impormasyon ay hindi lumalawak sa mga mababang priyoridad na kaso, tulad ng mga indibiduwal na dumadating sa Estados Unidos bilang mga bata at nakakatugon sa iba pang pangunahing mga patnubay. Ang mga indibiduwal na maipapakita na sila ay nakakatugon sa mga patnubay sa ibaba ay maaaring magsampa ng kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa o deferred action for childhood arrivals (DACA) para sa panahon ng tatlong taon, na maaaring sumailalim sa renewal para sa panahon ng tatlog taon, at maaaring karapat-dapat sa awtorisasyon para makapagtrabaho.

Maaari mong hilingin ang konsiderasyon ng DACA kung kayo ay:

1. Mas bata sa edad na 31 noong Hunyo 15, 2012;
2. Dumating sa Estados Unidos bago sumapit ang iyong ika-16 kaarawan;
3. Patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa ngayon;
4. Pisikal na nasa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012; at sa panahon nang iyong naisumite ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa ipinagpaliban na pagkilos sa USCIS;
5. Walang labag sa batas na katayuan noong Hunyo 15, 2012 na nangangahulugan na:

   - Hindi kayo kailanman nagkaroon ng isang labag sa batas na katayuan sa imigrasyon sa pagsapit o bago ang Hunyo 15, 2012 o
   - Anumang katayuan sa imigrasyon na ayon sa batas o parole na inyong nakuha bago ang Hunyo 15, 2012 ay nagpaso noong Hunyo 15, 2012:

6. Kasalukuyang pumapasok sa paaralan, naka-graduate o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, nakatamo ng General Educational Development (GED) na sertipiko, o marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano ng Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos; at

7. Hindi napatunayang may sala ng isang krimen, matinding paglabag sa batas, tatlo o higit pang paglabas sa batas, at hindi matuturing na isang banta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko.

Ang mga indibiduwal ay maaaring tumawag sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) sa 1-800-375-5283 kung may mga katanungan o humiling ng karagdagang impormasyon sa DACA. Iyong may mga nakabinbin na kahilingan ay maaari rin gamitin ang numero ng online self-help tools na kasama ang kakayahan na tingnan ang katayuan ng kaso at mga oras ng pagproseso, baguhin ang inyong address, at magpadala ng katanungan tungkol sa nakabinbin na kaso na mas matagal kaya sa napaskil na mga oras ng pagproseso o di paghahatid ng card o dokumento.

Q1: Ano ang ipinapaliban na pagkilos?
A1: Ang Ipinagpaliban na kilos ay isang mabuting pagpapasya para ipagpaliban ang kilos ng pagpapaalis ng isang indibiduwal bilang isang kilos ng mabuting pagpapasya ng tagausig. Para sa mga layunin ng kawalan ng pagtanggap sa hinaharap, batay sa **labag sa batas na pagdadalo**, ang indibiduwal na ang kaso ay napagpaliban ay hindi makokonsidera na labag sa batas na naroroon sa panahon kung saan ang ipinagpaliban na kilos ay ipinatupad. Ang isang indibiduwal na nakatanggap ng ipinagpaliban na pagkilos ay awtorisado ng DHS na maging naroroon sa Estados Unidos, at samakatuwid ay matuturing ng DHS na umaayon sa batas na naroroon habang panahon nang ipinatupad ang ipinagpaliban na pagkilos. Gayunman, ang ipinagpaliban na pagkilos ay hindi kumokonsulta sa **naaayon sa batas na katayuan** sa indibiduwa, ni hindi nito ipinapangatuwiran ang anumang mga nakaraang panahon o susunod na panahon ng labag sa batas na pamamalagi.

Sa ilalim ng mga kasalukuyang regulasyon, ang isang indibiduwal na kung saan ang kaso ay ipinagpaliban, ay karapat-dapat na makatanggap ng awtorisasyon para magtrabaho sa panahon ng ipinagpaliban na pagkilos, sa kundisyon na maaari niyang ipakita ang isang "pagtatrabaho sanhi ng pangangailangan sa pananalapi". Maaaring tapusin o i-renew ng DHS ang ipinagpaliban na kilos kahit kailan ayon sa pagpapasya ng ahensya.

Q2: Ano ang DACA?
A2: Noong Hunyo 15, 2012, ipinahayag ng Secretary of Homeland Security na ang ilang mga taong dumating sa Estados Unidos nang sila ay bata pa at nakakatugon sa ilang mga pangunahing patunbay, ay maaari humiling ng konsiderasyon para sa pagpapaliban ng kilos para sa panahon ng tatlong taon, na maaaring ma-renew, at sa gayon, ay maging karapat-dapat para magkaroon ng pahintulot na makapagtrabaho.

Ang mga indibiduwal na mapapatunayan ito sa pamamagitan ng mapapatotohanan na mga dokumento, na sila ay nakakatugon sa mga patnubay na ito ay maaaring isaalang-alang para sa pinagpaliban na pagkilos. Ang mga pagpapasya ay gagawin batay sa bawat kaso sa ilalim ng mga patnubay ng DACA.

Q3: Mayroon bang pagkakaiba sa pagitan ng "ipinagpaliban na pagkilos" at DACA sa ilalim ng prosesong ito?
A3: Ang DACA ay isang uri ng ipinagpaliban na pagkilos. Ang tulong na natatanggap ng isang indibiduwal sa ilalim ng DACA ay kapareho lang sa mga layunin ng imigrasyon sa tulong na natatamo ng sinumang nakakatanggap ng ipinagpaliban na pagkilos bilang kilos ng mabuting pagpapasya.

Q4: Kung ang pagpapaalis sa akin ay ipinapagliban alinsunod sa konsiderasyon ng DACA, ako ba ay karapat-dapat ba para sa awtorisasyon na magtrabaho?
A4: Oo. Sa ilalim ng kasalukuyang regulasyon, kung ang iyong kaso ay ipinagpaliban, ikaw ay maaaring makakuha ng awtorisasyon para magtrabaho mula sa USCIS sa kundisyon na maaari mong maipakita na kailangan mong magtrabaho sanhi ng pangangailangan sa pananalapi

Q5: Kung ang aking kaso ay ipinagpaliban, ako ba ay may iligal na katayuan sa panahon ng pagpapaliban?
A5: Hindi. Kahit na ang pagkilos sa iyong kaso ay napagpaliban at ikaw ay hindi patuloy na may labag sa batas na pamamalagi (sa layunin na katanggap-tanggap) sa panahon ng ipinagpaliban na kilos, ang ipinagpaliban na kilos ay hindi sumasangguni sa anumang iliegal na katayuan.

Ang katotohanan na ikaw ay hindi patuloy na may labag sa batas na pamamalagi ay walang magagawang pagbabago kung ikaw ay may iligal na katayuan habang ikaw ay nananatili sa Estados Unidos. Gayunman, kahit na ang ipinagpaliban na pagkilos ay hindi sumasangguni sa katayuan sa imigrasyon na

naaayon sa batas, ang panahon ng inyong pamamalagi ay awtorisado ng Department of Homeland Security habang ang inyong ipinagpaliban na pagkilos ay ipinapatupad at, sa layunin na katanggap-tanggap, kayo ay makokonsidera bilang naaayon sa batas na namamalagi sa Estados Unidos sa panahong iyon. **Ang mga indibiduwal na pinagkakalooban ng ipinagpaliban na pagkilos ay hindi hinahadlangan ng pederal na batas mula sa pagtatatag ng tirahan sa Estados Unidos.**

Maliban sa mga batas ng imigrasyon, ang "naaayon sa batas na pamamalagi," "nasa batas na katayuan" at mga katulad na katawagan ay ginagamit sa iba't ibang mga batas pederal at batas ng estado. Para makakuha ng impormasyon kung paano nakaka-apekto sa mga indibiduwal na tumatanggap ng mainam na pagpapatupad ng mabuting desisyon sa ilalim ng DACA, mangyari lang makipag-ugnayan sa angkop na awtoridad ng pederal, estado o lokal.

Q6: Maaari ko bang i-renew ang aking panahon ng ipinagpaliban na pagkilos at awtorisasyon sa pagtrabaho sa ilalim ng DACA?
A6: Oo. Maaari kayong humiling ng konsiderasyon para sa renewal ng inyong DACA. Ang iyong kahilingan para sa renewal ay isasaalang-alang ayon sa bawat isang kaso. Kung ipabago ng USCIS ang pagpapasya nito sa ilalim ng DACA para sa inyong kaso, kayo ay makakatanggap ng ipinagpaliban na pagkilos para sa dagdag pang tatlong taon, at kung mapakita mo ang pangangailangan para sa pangkabuhayan ang pagtrabaho, maaari kayong makatanggap ng awtorisasyon para makapagtrabaho sa nasabing panahon na iyon.

Bumalik sa itaas.

B. Proseso ng DACA

Q7: Paano ako makakahiling ng konsiderasyon mula sa DACA?
A7: Para makahiling ng konsiderasyon ng DACA (bilang isang unang kahilingan o kahilingan ng renewal), kailangan mong mag-sumite ng Form I-821D, Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals sa USCIS. Mangyari lang bumisita sa www.uscis.gov/i-821d bago mo simulan ang proseso para matiyak na gumagamit kayo ng pinakabagong bersyon ng form na available. Ang form na ito ay dapat na mapunan nang kumpleto, mainam na lagdaan at may kasamang Form I-765, Aplikasyon para sa Awtorisasyon sa Pagtrabaho (Application for Employment Authorization), at Form I-765WS, Worksheet, na nagtatatag sa iyong pagtatrabaho sanhi ng pangangailangan sa pananalapi. Kung ikaw ay nabigo na mag-sumite ang nakumpletong Form I-765 (kasama ng mga naaangkop na singil sa pagpapasa ng nasabing form, na may kabuuan na $465), hindi ikokonsidera ng USCIS ang iyong kahilingan para sa ipinagpaliban na kilos. Mangyari lang basahin ang mga tagubilin sa form para matiyak na inyong nasagot ang mga angkop na tanong (natitiyak sa pamamagitan ng inyong pagsumite ng pauna o renewal na kahilingan) at kayo ay nagsusumite ng lahat ng hinihiling na mga dokumento para mabigyang suporta ang inyong kahilingan.

Kailangan mong isampa ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon ng DACA at USCIS Lockbox. Maaari mong mahanap ang address pang-koreo at mga tagubilin sa www.uscis.gov/i-821d. Mula pa noong Hunyo 5, 2014, kailangang gamitin ng mga humihiling ang bagong bersyon ng form. Pagkatapos matanggap ang iyong Form I-821D, Form I-765 at Form I-765 Worksheet, rerepasuhin ng USCIS ang mga ito kung kumpleto, kasama na ang pagbibigay ng mga naaangkop na singilin, unang katibayan at mga sumusuportang dokumento (para sa mga unang pag-file ng mga dokumento).

Kung mapagpasyahan na ang kahilingan ay kumpleto na, magpapadala sa iyo ang USCIS ng paunawa ng pagkakatanggap. Tapos ay magpapadala sa iyo ang USCIS ng paunawa na nagtatakda sa iyong pagbisita sa Application Support Center para sa mga biometriko na serbisyo, kung kailangan ang isang

appointment. Mangyari lamang tiyakin na iyong nabasa at sinundan ang mga tagubilin sa paunawa. Ang kabiguan na dumalo sa iyong biometrikong pakikipagkita ay maaaring magpaantala sa pagpoproseso ng iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa pagpapaliban sa pagkilos, o maaaring magresulta sa pagtatanggi sa iyong kahilingan. Maaari mong piliin na tumanggap ng e-mail at/o text message na magbibigay-alam sa iyo na ang iyong form ay natanggap sa pamamagitan ng pagkumpleto sa Form G-1145, E-Notification of Application/Petition Acceptance.

Ang bawat isang kahilingan para sa konsiderasyon ng DACA ay rerepasuhin ayon sa bawat kaso ng indibiduwal. Maaaring humiling sa iyo ng mas maraming impormasyon o katibayan ang USCIS, o maaaring hilingin na ikaw ay magpakita sa tanggapan ng USCIS. Ipagbibigay-alam sa iyo ng USCIS ang desisyon nito sa pamamagitan ng isang kasulatan.

Tala: Ang lahat ng mga indibiduwal na naniniwalang sila ay nakakatugon sa mga patnubay, kasama na iyong mga nasa mga paglilitis sa pagpapaalis, na may huling kautusan sa pag-alis, o may kautusan para sa kusang pag-alis (at hindi nasasailalim sa detensyon ng imigrasyon), ay maaaring humiling ng konsiderasyon ng DACA mula sa USCIS sa pamamagitan ng prosesong ito. Ang mga indibiduwal na kasalukuyang nasa detensyon ng imigrasyon at naniniwala na sila ay nakakatugon sa mga patnubay ay hindi maaaring humiling ng konsiderasyon ng ipinagpaliban na pagkilos mula sa USCIS pero maaaring ipakilala ang kanilang sarili sa kanilang deportation officer ng Jail Liason. Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa ICE Field Officer Director. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa website ng ICE sa www.ice.gov/daca.

Q8: Maaari ba akong makatamo ng pagpapaubaya sa singilin o hindi pagbabayad sa singilin para sa prosesong ito?
A8: Walang mga waiver na handang makuha para sa singilin para sa mga application ng awtorisasyon sa pagtrabaho na may koneksyon sa DACA. May lubos na limitadong magagamit na paraan sa hindi pagbabayad ng singilin. Ang mga kahilingan para hindi magbayad ng singilin ay dapat na isumite at pasang-ayon na dinggin bago isampa ng indibiduwal ang kaniyang kahilingan para sa konsiderasyon ng DACA ng walang singilin. Upang makonsidera para sa hindi pagbabayad ng singiln, kailangan kang magsumite ng isang liham at mga sumusuportang dokumento sa USCIS na nagpapatunay na ikaw ay nakakatugon sa isa sa mga sumusunod na kondisyon:

- Kayo ay mas bata sa 18 taong gulang, may kita na mas mababa sa 150 porsiyento ng antas ng kahirapan ng Estados Unidos, at nasa foster care o dili kaya ay nagkukulang sa anumang uri ng suporta ng magulang o kamag-anak; o
- Kayo ay mas bata sa 18 taong gulang at walang tirahan; o
- Hindi mo kayang alagaan ang iyong sarili dahil ikaw ay nagdurusa sa isang malubha at hindi gumagaling na kapansanan at ang iyong kita ay mas kaunti sa 150 porsiyento ng antas ng kahirapan ng Estados Unidos. o,
- Ikaw ay, sa panahon na isampa ang kahilingan, naka-ipon ng **$10,000** o higit pa na utang sa nakaraang 12 buwan bilang resulta ng hindi nasauling bayad sa mga gastusing medikal para sa iyong sarili o sa isang kagyat na kapamilya, at ang iyong kita ay mas kaunti kaysa sa 150% ng antas ng kahirapan ng Estados Unidos.

Maaari kayong makahanap ng karagdagang impormasyon sa aming Fee Exemption Guidance na pahina sa Web. Ang iyong kahilingan ay dapat na mai-sumite at mapagpasyahan bago ka magsumite ng kahilingan para mabigyan ng konsiderasyon ng DACA ng walang singilin. Upang makonsidera sa hindi pagbabayad ng singilin, kailangan kang magbigay ng katibayang mga dokumento na nagpapatunay na ikaw ay nakakatugon sa lahat ng mga kondisyong nakasaad sa itaas sa panahon nang iyong isumite ang kahilingan. Para sa katibayan, ang USCIS ay:

- Tatanggap ng mga affidavit mula sa mga organisasyon na nakabase sa komunidad o organisasyong relihiyoso para maitatag ang kawalan ng tirahan ng humihiling o ang kawalan ng suporta sa pananalapi mula sa magulang o kapamliya.
- Tatanggap ng mga kopya ng tax return, mga bank statement, mga pay stub, o iba pang maaasahan na katibayan ng antas ng kita. Maaaring makasama rin sa katibayan ang isang affidavit mula sa aplikante o sa mananagot na ikatlong panig na nagpapatunay na ang aplikante ay hindi nagsasampa ng mga tax return, walang mga bank account, at/o walang kita na magpapatunay sa antas ng kita.
- Tatanggap ng mga kopya ng mga medikal na rekord, mga rekord sa insurance, mga bank statement, o iba pang mga maaasahan na katibayan ng hindi naisauling kabayaran sa mga gastusing medikal na hindi bababa sa $**10,000**.
- Tutugunan ang mga batay sa katotohanan na mga katanungan sa pamamagitan ng mga paghiling ng katibayan o Requests for Evidence (mga RFE).

Q9: Kung ang mga indibiduwal ay nakakatugon sa mga patnubay para sa konsiderasyon ng DACA at nakatagpo ang Customs and Border Protection (CBP) ng Estados Unidos o U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE), ilalagay ba ang mga ito sa mga paglilitis para sa pagpapaalis?
A9: Ang DACA ay nilalayon, bilang bahagi, na pahintulutan ang CBP at ICE na pagtuunan ng pansin ang mga kasong natuturing na priyoridad. Sa ilalim ng pamamahala ng Secretary of Homeland Security, kung ang isang indibiduwal ay nakakatugon sa mga patnubay ng prosesong ito, dapat ipatupad ng DACA, CBP o ICE ang kanilang mabuting pagpapasya batay sa bawat kaso, upang maiwasan na ang mga kuwalipikadong indibiduwal ay madakip, mailagay sa mga paglilitis sa pagpapaalis, o paalisin. Kung naniniwala ang mga indibiduwal na, sanhi ng patakaran, hindi dapat sila dinakip o inilagay sa mga paglilitis para sa pagpapaalis, makipag-ugnayan sa hotline ng Law Enforcement Support Center sa 1-855-448-6903 (may staff na 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo).

Q10: Ang proseso bang ito ay magagamit ko kung ako ay kasalukuyang sumasailalim sa paglilitis para sa pag-alis, may panghuling kautusan para umalis, o may kautusan para sa kusang pag-alis?
A10: Ang prosesong ito ay bukas sa sinumang indibiduwal na maaaring mapatunayan na siya ay nakakatugon sa mga patnubay para makonsidera, kasama na iyong mga hindi pa kailanman napasailalim sa mga paglilitis para maalis, at pati na rin iyong mga paglilitis sa pag-alis na mayroon nang panghuling kautusan o may kautusan para sa kusang pag-alis (basta't wala sila sa detensyon ng imigrasyon).

Q11: Kung ako ay hindi kasali sa mga paglilitis sa pagpapaalis, pero naniniwala na ako ay nakakatugon sa mga patnubay para sa konsiderasyon ng DACA, dapat ko bang hangarin na matakda sa mga paglilitis sa pagpapaalis sa pamamagitan ng mga pakikipagpulong sa CBP o ICE?
A11: Hindi. Kung ikaw ay hindi kasali sa mga paglilitis sa pagpapaalis, pero naniniwala na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay, dapat na isumite mo ang iyong kahilingan sa DACA sa USCIS sa ilalim ng proseso na nabalangkas sa ibaba.

Q12: Maaari ba akong humiling ng konsiderasyon ng DACA mula sa USCIS kung ako ay nasa ilalim ng detensyon ng imigrasyon sa ilalim ng kustodya ng ICE?
A12: Hindi. Kung ikaw ay kasalukuyang nasa ilalim ng detensyon ng imigrasyon, hindi ka maaaring humiling ng konsiderasyon ng DACA mula sa USCIS. Kung sa palaga mo ay maaaring nakakatugon kayo sa mga patnubay sa prosesong ito, kailangan mong ipakilala ang inyong sarili sa deportation officer o sa Jail Liaison. Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa ICE Field Officer Director. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa website ng ICE sa www.ice.gov/daca.

Q13: Kung ako ay malapit nang paalisin ng ICE at naniniwala na ako ay maaaring makatugon sa mga patnubay para sa konsiderasyon ng DACA, anong mga hakbang ang aking magagawa para humangad ng pagrerepaso sa iyong kaso bago mapaalis?

A13: Kung naniniwala kayo na maaari mong mapatunayan na kayo ay nakakatugon sa mga patnuba at malapit nang mapaalis, agad na makipag-ugnayan sa hotline ng Law Enforcement Support Center sa 1-855-448-6903 (may staff na 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo).

Q14: Ano ang dapat kong gawin kung ako ay nakakatugon sa mga patnubay ng prosesong ito at nabigyan ng ICE detainer kasunod na isang pagkaka-aresto ng alagad ng batas ng estado o lokal?
A14: Kung kayo ay nakakatugon sa mga patnuba at nabigyan ng isang detainer (isang pagpipigil o pagtatabi ng ari-arian laban sa legal na nagmamay-ari), agad kayong makipag-ugnayan sa hotline ng Law Enforcement Support Center sa 1-855-448-6903 (may staff na 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo).

Q15: Kung aking tinanggap ang isang alok ng administratibong pagsasara sa ilalim ng pagrerepaso sa bawat kaso o ang aking kaso ay natapos bilang bahagi ng proseso sa pagrerepaso sa bawat kaso, ako ba ay maaaring bigyang konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa ilalim ng prosesong ito?
A15: Oo. Kung mapapatunayan mo na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay, maaari kang humiling ng konsiderasyon ng DACA kahit na tinanggap mo ang isang alok para sa administratibong pagsasara o pagtatapos sa ilalim ng proseso ng pagrerepaso sa bawat kaso.

Q16: Kung tinanggihan ko ang isang alok para sa administratibong pagsasara sa ilalim ng proseso ng pagrerepaso sa bawat isang kaso, maaari ba akong bigyang konsiderasyon para sa ipinagpaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito?
A16: Oo. Kung mapapatunayan mo na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay, maaari kang humiling ng konsiderasyon ng DACA kahit na tinanggihan mo ang isang alok para sa administratibong pagsasara o pagtatapos sa ilalim ng proseso ng pagrerepaso sa bawat kaso.

Q17: Kung ang aking kaso ay narepaso bilang bahagi ng proseso sa pagrerepaso ng bawat isang kaso pero hindi nag-alok sa akin ng administratibong pagsasara, maaari ba akong makonsidera para sa pagpapaliban ng kilos sa ilalim ng prosesong ito?
A17: Oo. Kung mapapatunayan mo na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay, maaari kang humiling ng konsiderasyon ng DACA kahit na hindi kayo inalukan ng administratibong pagsasara kasaunod ng pagrerepaso ng inyong kaso bilang bahagi ng proseso ng pagrerepaso sa bawat kaso.

Q18: Maaari ba akong humiling ng konsiderasyon ng DACA sa ilalim ng prosesong ito kung ako ay kasalukuyang may di-imigranteng (non-immigrant) na katayuan (hal. F-1, E-2, H-4) or may Temporary Protected Status (TPS)?
A18: Hindi. Maaari ka lamang humiling ng konsiderasyon ng DACA sa ilalim ng prosesong ito kung ikaw ay kasalukuyang walang katayuan sa imigrasyon at walang iligal na katayuan noong Hunyo 15,2012.

Q19: Ang impormasyon ba na aking ibinabahagi sa aking kahilingan para sa konsiderasyon ng DACA na gamitin para sa layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon?
A19: Ang impormasyon na ipinagkaloob sa kahilingan na ito ay protektado mula sa pagpapahayag ng ICE at CBP para sa layunin ng mga paglilitis sa pagpapatupad ng imigrasyon maliban kung ang requestor o humihiling ay nakakatugon sa kriterya para sa pagbibigay ng Notice to Appear (Abiso na Magpakita) o isang rekumendasyon sa ICE sa ilalim ng kriterya na itinakda sa Notice to Appear ng USCIS na patnubay (www.uscis.gov/NTA). Ang mga indibiduwal na ang mga kaso ay ipinagpaliban alinsunod sa DACA ay hindi irerekumenda sa ICE. Ang impormasyon ay maaaring ibahagi sa mga ahensya ng national security and law enforcement, kasama na ang ICE at CBP, para sa mga layunin maliban sa pagpapaalis, kasama na ang pagtulong sa konsiderasyon ng DACA, para makilala o maiwasanang mga mapanlinlang na pag-aangkin, para sa layunin ng seguridad ng bansa, o para sa imbestigasyon o pag-uusig sa isang krimen. Ang patakaran na nagbibigay impormasyon sa itaas ay sumasaklaw sa mga miyembro ng pamilya at mga

tagapag-alaga, bilang dagdag sa humihiling mismo. Ang patakaran na ito, na maaaring baguhin, mapalitan, o mapawalang-bisa kahit kailan nang walang abiso, ay hindi nilalayon, hindi umaasa ni hindi dapat asahan para makalikha ng anumang uri ng karapatan o benepisyo, tunay man o ugnay sa pamamaraan, maaaring ipatupad ng batas mula sa anumang partido, sa anumang saligang may kaugnayan sa administrasyon, sibil, o krimen.

Q20: Kung ang aking kaso ay inirekumenda sa ICE para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon o kung ako ay nakatanggap ng NTA, ang impormasyon ba na may kaugnayan sa mga miyembro ng aking pamilya at mga tagapag-alaga ay irerekumenda sa ICE para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon?
A20: Kung ang iyong kaso ay inirekumenda sa ICE para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon o ikaw ay nakatanggap ng NTA, ang impormasyon na may kaugnayan sa mga miyembro ng iyong pamilya o mga tagapag-alaga na nakasaad sa iyong kahilingan ay hindi irerekumenda sa ICE para sa layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon laban sa mga miyembro ng pamilya o mga tagapag-alaga. Gayunman, ang impormasyon ay maaaring ibahagi sa mga ahensya ng national security and law enforcement, kasama na ang ICE at CBP, para sa mga layunin maliban sa pagpapaalis, kasama na ang pagtulong sa konsiderasyon ng DACA, para makilala o maiwasanang mga mapanlinlang na pag-aangkin, para sa layunin ng seguridad ng bansa, o para sa imbestigasyon o pag-uusig sa isang krimen.

Ang patakaran na ito, na maaaring baguhin, mapalitan, o mapawalang-bisa kahit kailan nang walang abiso, ay hindi nilalayon, hindi umaasa ni hindi dapat asahan para makalikha ng anumang uri ng karapatan o benepisyo, tunay man o ugnay sa pamamaraan, maaaring ipatupad ng batas mula sa anumang partido, sa anumang saligang may kaugnayan sa administrasyon, sibil, o krimen.

Q21: Mapapatotohanan ba ng USCIS ang mga dokumento o pahayag na aking ipagkakaloob bilang suporta sa isang kahilingan sa DACA?

A21: Ang USCIS ay may awtoridad na patotohanan ang mga dokumento, katotohanan o facts, at mga pahayag na ipinagkaloob bilang pagbibigay suporta sa mga kahilingan ng DACA. Ang USCIS ay maaaring makipag-ugnayan sa mga institusyon ng edukasyon, iba pang mga ahensya ng gobyerno, mga employer, o iba pang mga entidad upang mapatotohanan ang impormasyon.

Bumalik sa itaas.

C. Mga Pag-uusig sa Nakaraan (background)

Q22: Magsasagawa ba ng pag-uusig sa nakaraan ang USCIS kapag nirerepaso ang aking kahilingan para sa konsiderasyon ng DACA?
A22: Oo. Kailangan mong sumailiam sa isang biographic at biometric na pag-uusig sa nakaraan bago makokonsidera ng USCIS ang iyong kahilingan sa DACA.

Q23: Ano ang kasali sa mga pagsusuri sa kasaysayan?
A23: Ang mga pagsusuri sa kasaysayan ay kinabibilangan ng pagsusuri sa byograpiko at biyometrikong impormasyong ipinagkaloob ng mga indibiduwal sa iba't ibang mga database na pinamamahaaan ng DHS at iba pang mga ahensya ng gobyernong pederal.

Q24: Anong mga hakbang ang gagawin ng USCIS at ng ICE kung ako ay sumali sa isang panlilinlang sa pamamagitan ng bagong proseso?
A24: Kung ikaw ay may malay na nagsinungaling, o may malay na nabigong magpahayag ng mga katotohanan, sa isang pagsisikap na makatamo ng DACA o makakuha ng awtorisasyon para

makapagtrabaho sa pamamagitan ng prosesong ito, ikaw ay pakikitunguhan bilang isang priyoridad sa pagpapatupad ng imigrasyon sa buong saklaw na pinahihintulutan ng batas, at sasailalim sa pagliltis sa krimen at/o pagpapaalis mula sa Estados Unidos.

Bumalik sa itaas.

D. Pagkatapos na Makapagdesisyon ang USCIS

Q25: Maaari ba akong magsampa ng apela sa pasya ng USCIS?
A25: Hindi. Hindi ka maaaring magsampa ng panukala para muling buksan o muling ikonsidera, at hindi maaaring magsampa ng apela sa pasya kung tinanggihan ng USCIS ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon ng DACA.

Maaari mong hilingin na marepaso ang pagtatanggi sa inyong I-821D sa pamamagitan ng pakikipag-uganayan sa mga Call Center ng USCIS sa 1-800-375-5283 para makalikha ng kahilingan sa paglilingkod kung naniniwala ka na ganap mong natugunan ang lahat ng mga patnubay ng DACA at naniniwala ka na ang iyong kahilingan ay natanggihan sanhi ng isa sa mga sumusunod na kamalian:

- Tinanggihan ang kahilingan batay sa pagpapabaya, nang tuna kayong sumagot sa isang RFE o NOID sa loob ng itinakdang panahon;
- Ipinadala ng RFE o NOID sa maling address kahit na ikaw a nakapagsumite ng Form AR-11, Pagbabago ng Address, o binago ang inyong address online sa www.uscis.gov bago ipinalabas ng USCIS ang RFE o NOID;
- Tinanggihan ang kahilingan batay sa hindi mo pagpunta sa Estados Unidos bago ang iyong ika-16 kaarawan, pero ang katibayan na ibinigay **sa panahon ng pagsasampa** ay nagpapakita na hindi ka dumating bago ka umabot sa nasabing edad;
- Tinanggihan ang kahilingan sa batayan na kayo ay mas bata sa edad na 15 **sa panahon ng pagsasampa** pero hindi sa mga paglilitis sa pagpapaalis, habang ang katibayan na isinumite **sa panahon ng pagsasampa** ay nagpapakita na kayo talaga ay nasa paglilitis sa pagpapaalis nang isinampa ang kahilingan;
- Tinanggihan ang kahilingan sa batayan na ikaw ay 31 taong gulang o mas matanda noong Hunyo 15, 2012, pero ang katibayan na isinumite**sa panahon ng pagsasampa** ay nagpapakita na ikaw ay **wala pang** 31 taong gulang noong sumapit ang petsa na iyon;
- Tinanggihan ang kahilingan sa batayan na ikaw ay may naaayon sa batas na katayuan noong Hunyo 15, 2012, pero ang katibayan na isinumite**sa panahon ng pagsasampa** na ikaw sa katotohanan ay **nasa labag sa batas** na katayuan sa imigrasyon sa petsang iyon;
- Tinanggihan ang kahilingan sa batayan na wala ka sa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012, at hanggang sa petsa ng pagsasampa, pero ang katibayan na isinumite **sa panahon ng pagsasampa** ay nagpapakita na ikaw ay, sa katotohanan, nasa Estados Unidos;
- Tinanggihan ng kahilingan sanhi ng iyong kabiguan na magpakita sa USCIS ASC para makolekta ang iyong biometrics, kapag sa katotohanan ay hindi ka nagpakita sa USCIS ASC para magawa ito o hilingin ito bago ang naka-schedule na petsa ng iyong biometrics na appointment para muling ma-schedule ang appointment; o
- Tinanggihan ang kahilingan dahil hindi mo binayaran ang mga singilin sa pagsasampa para sa Form I-765, Application for Employment Authorization, kapag ang totoo ay binayaran mo ang mga ito.

Kung ikaw ay naniniwala na ang iyong kahilingan ay tinanggihan sanhi ng alinman sa mga administratibong kamalian na ito, maaari kang makipag-ugnayan sa aming National Customer Service Center sa 1-800-375-5283 o 1-800-767-1833 (TDD para sa may kahinaan sa pandinig). Ang mga opisyal

ng Customer service ay handang makapaglingkod mula Lunes – Biyernes mula 8 a.m. – 6 p.m. sa bawat time zone sa Estados Unidos.

Q26: Kung hindi gamitin ng USCIS ang kilos ng pagpapaliban sa aking kaso, maaari ba akong sumailalim sa mga paglilitis sa pag-alis?
A26: Kung ikaw ay nagsumite ng kahilingan para sa konsiderasyon ng DACA at nagpasya ang USCIS na ipagpaliban ang kilos sa iyong kaso, ipapataw ng USCIS ang patnubay sa patakaran nito sa namamahala sa pagrerekumenda ng mga kaso sa ICE at sa pagpapalabas ng Notices to Appear (NTA). Kung ang iyong kaso ay hindi kinasasangkutan ng krimen, paglilinlang, o pagbabanta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko, ang iyong kaso ay hindi irerekumenda sa ICE para sa layunin ng mga paglilitis sa pag-alis maliban kung magpasya ang DHS na may bukod-tanging katayuan. Para sa mas detalyadong impormasyon sa gagamitin na patnubay ng NTA, bumisita sa www.uscis.gov/NTA. Kung makalipas ang pagrerepaso sa kabuuan ng mga pangyayari ay nagpasya ang USCIS na ipagpaliban ang kilos sa iyong kaso, ang USCIS ay magpapatupad din ng mabuting pagpapasya nito at hindi magpapabalas ng isang NTA para sa iyo.

Q27: Maaari bang tapusin ang aking ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng DACA bago ito magpaso?

A27: Oo.

Ang DACA ay isang paraan ng paggamit ng mabuting desison at ang ipinagpaliban na pagkilos ay maaaring wakasan kahit kailan, ng mayroon o walang Notice of Intent to Terminate (Abiso ng Layon na Magtapos), sa pagpapasya ng DHS.

Bumalik sa itaas.

II. Mga Paunang Kahilingan sa DACA

Q28: Anong mga patnubay ang dapat kong matugunan upang mabigyan ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa (Deferred Action for Childhood Arrivals , DACA)?
A28: Sa ilail ng memorandum ng Secretary of Homeland Security noong Hunyo 15, 2012, upang mabigyan ng konsiderasyon sa DACA, ikaw ay dapat na mag-sumite ng katibayan, kasama ng mga sumusuportang dokumento, na nagpapakita na ikaw ay:

1. Mas bata sa edad na 31 noong Hunyo 15, 2012;
2. Dumating sa Estados Unidos bago sumapit ang iyong ika-16 kaarawan;
3. Patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa ngayon;
4. Pisikal na nasa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012; at sa panahon nang iyong naisumite ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa ipinagpaliban na pagkilos sa USCIS;
5. Walang labag sa batas na katayuan noong Hunyo 15, 2012:
6. Kasalukuyang pumapasok sa paaralan, naka-graduate o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, nakatamo ng General Educational Development (GED) na sertipiko, o marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano ng Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos; at
7. Hindi napatunayang may sala ng isang krimen, matinding paglabag sa batas, tatlo o higit pang paglabas sa batas, at hindi matuturing na isang banta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko.

Ang mga patnuba na ito ay dapat matugunan para sa konsiderasyon ng DACA. Ang U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) ang mayroong huling pasya para matiyak kung ang ipinagpaliban na pagkilos ay angkop sa anumang natiyak na kaso kahit na natugunan ang mga patnubay.

Q29: Gaano katanda dapat ako upang mabigyan ng konsiderasyon sa ipinagpaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito?
A29:

- Kung ikaw ay hindi pa kailanman nasali sa mga paglilitis sa pagpapaalis, o ang iyong mga paglilitis ay natapos bago mo ibigay ang iyong kahilingan para mabigyan ng konsiderasyon ng DACA, kailangang ikaw ay may edad na 15 taong gulang o mas matanda sa panahon ng pagsasampa at nakatugon sa iba pang mga patnubay.
- Kung ikaw ay kasali sa mga paglilitis sa pagpapaalis, mayroon nang huling kautusan sa pagpapaalis, o may boluntaryong kautusan para umalis ng bansa, at hindi naka-detensyon sa imigrasyon, ikaw ay maaaring humiling ng konsiderasyon sa DACA kahit na ikaw ay may edad na mas bata sa 15 sa panahon ng pagsasampa at nakakatugon sa iba pang mga patnubay.
- Sa lahat ng mga pagkakataon, hindi ka dapat may edad na 31 taong gulang o masa matanda sa pagsapit ng Hunyo 15, 2012, upang mabigyan ng konsiderasyon sa DACA.

Q30: Una akong nakarating sa Estados Undios bago ako sumapit sa edad na 16 taong gulang at patuloy akong naninirahan sa Estados Unidos mula pa noong Hunyo 15, 2007. Bago ako sumapit sa edad na 16 taong gulang, ako ay umalis sa Estados Unidos sa loob ng isang takdang panahon bago bumalik dito at sinimulan ang aking kasalukuyang panahon ng patuloy na paninirahan. Maaari ba akong makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito?
A30: Oo, pero kung natatag mo lang ang iyong paninirahan sa Estados Unidos sa panahon na sumapit ka na sa edad na 16 taong gulang, tulad nang napatunayan, halimbawa, ng mga rekord na nagpapakitang pumasok ka sa paaralan o nagtrabaho sa Estados Unidos sa panahong iyon, o tumira ka sa Estados Unidos ng maraming taon sa panahong iyon. Bilang karagdagang sa pagtatatag na ikaw ay unang nanirahan sa Estados Unidos bago ka umabot sa edad na 16 taong gulang, kailangan ay napanatili mo rin ang patuloy na paninirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa kasalukuyan para makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito.

Q31: Upang mapatunayan ang aking patuloy na paninirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, dapat ba akong magkaloob ng katibayan na nagdodokumento sa aking pamamalagi araw-araw, o buwan-buwan, sa panahong iyon?
A31: Upang matugunan ang patnubay sa patuloy na paninirahan, ikaw ay dapat magsumite ng mga dokumento na nagpapakitang ikaw ay naninirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007 hanggang sa panahon na iyong nabigay ang kahilingan. Kailangan mong magbigay ng dokumento para mapatunayan sa hanggang gaano karaming makatuwirang panahong maaari, pero walang kahilingan na araw-araw o buwan-buwan ng panahong iyon ay dapat na detalyadong patunayan sa pamamagitan ng direktang katibayan.

Makakatulong sa USCIS kung ikaw ay magsumite ng katibayan ng iyong paninirahan sa bawat taon ng panahong iyon. Rerepasuhin ng USCIS ang mga dokumento nang ganap upang makapagdesisyon kung mas marahil na ikaw ay hindi naninirahan nang patuloy sa Estados Unidos sa panahon mula noong Hunyo 15, 2007. Ang mga puwang sa mga dokumento para sa ilang mga partikular na panahon ay maaaring magdulot ng pagdududa sa iyong nasabing patuloy na paninirahan kung, halimbawa, ang mga puwang ay mahahaba o dili kaya'y ipinapakita sa mga rekord na ikaw ay nasa labas ng Estados Unidos sa loob ng panahong hindi madalian, nagkataon o hindi masama.

Kung ang mga puwang ay nagdudulot ng mga katanungan, ang USCIS ay maaaring humiling ng kahilingan ng katibayan (Request for Evidence) para pahintulutan ka na makapagsumite ng karagdagang mga dokumento na sumusuporta sa iyong inaangking patuloy na paninirahan.

Ang mga affidavit ay maaaring isumite para ipaliwanag ang isang pagkukulang sa mga dokumento na nagpapatunay na ikaw ay nakakatugon sa kahilingan para sa limang taon na patuloy na paninirahan. Kung ikaw ay mag-sumite ng mga affidavit na may kaugnayan sa kahilingan para sa patuloy na paninirahan, kailangan mong mag-sumite ng dalawa o higit pang mga affidavit, na sinumpaan o pinatotohanan ng mga taong maliban sa iyong sarili, na may direktang personal na kaalaman sa mga pangyayari at kaganapan sa panahon kung saan may puwang sa mga dokumento. Ang mga affidavit ay maaari lamang gamitin para ipaliwanag ang mga puwang sa iyong patuloy na paninirahan; hindi magagamit ang mga ito bilang katibayan na ikaw ay nakakatugon sa kahiligan na buong limang taon na patuloy na paninirahan.

Q32: Ang "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" ba ay tumutukoy sa petsa kung saan isinampa ang kahilingan para sa konsiderasyon sa ipinagpaliban na kilos?
A32: Para makonsidera bilang "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" sa ilalim ng mga patnubay, ikaw ay dapat naka-enroll sa isang paaralan sa petsa nang iyong naisumite ang kahilingan para sa konsiderasyon na ipinapaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito.

Q33: Sino ang makokonsidera na "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" sa ilalim ng mga patubay na ito?
A33: Upang makonsidera na "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" sa ilalim ng mga patnubay na ito, ikaw ay dapat naka-enroll sa:

- isang publiko, pribado, o charter na elementary school, junior high o middle school, high school, secondary school, alternatibong programa, o homeschool na programa na nakakatugon sa mga kahilingan ng estado;
- isang programa ng edukasyon, programa para matutong bumasa't sumulat, o programa sa pagsasanay sa trabaho (kasama na ang bokasyonal na pagsasanay) na may layunin na mapahusay ang kakayahang magbasa at magsulat, matematika, o Ingles o na nilikha para humantong sa isang pagtatakda ng posisyon sa isang postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, o pagtatrabaho at kung saan ikaw ay nagtatrabaho upang matamo ang nasabing pagtatakda ng posisyon; o
- ang programa ng edukasyon na tumutulong sa mga mag-aaral na makakuha ng diploma sa high school o ang kinikilalang katumbas nito sa ilalim ng batas ng estado (kasama na ang sertipiko ng pagtatapos, sertipiko ng pagpasok, o alternatibong gawad), o sa pagpapasa ng General Education Development (GED) na pagsusulit o iba pang katumbas na pagsusulit na kinikilala ng estado (hal., HiSet o TASC) sa Estados Unidos.

Ang nasabing edukasyon, kahusayan sa pagbasa at pagsulat, mga programa sa pagsasanay sa trabaho (kasama na ang vocational na pagsasanay), o mga programa para sa edukasyon na tumutulong sa mga mag-aaral na makatamo ng mga regular na high school na diploma o ang kinikilalang katumbas sa ilalim ng batas ng estado, o ang pagpasa sa eksaminasyon ng GED o iba pang eksaminasyon na awtorisado ng estado sa Estados Unidos, kabilang na, pero hindi limitado sa, mga programa na pinondohan, ng ganap o bahagi ng, pederal, estado, county o municipal grant o pinamahalaan ng mga non profit orgranization. Ang mga programang napondohan ng iba pang mga mapagkukunan nito ay maaaring kuwalipikado kung ang mga ito ay napangasiwaan ng mga tagapagkaloob ng napatunayang bisa, tulad ng mga institusyon para sa mas mataas na edukasyon (higher education), kasama na ang mga kolehiyo sa komunidad, at ilang mga organisasyon na nasa komunidad.

Sa pagtatasa kung ang nasabing mga programa ay hindi napondohan nang ganap o bahagi ng pederal, estado, county o mga municipal grant o pinamahalaan ng mga non profit na organisasyon ay napatuhana na mabisa, ikokonsidera ng USCIS ang tagal ng programa; ang tala ng kasaysayan ng programa sa pagtulong sa mga mag-aaral na makakuha ng diploma sa high school o ang kinikilalang katumbas nito, sa pagpasa ng GED o ng iba pang pagsusulit na awtorisado ng estado (hal., HiSet o TASC), o sa pagtatakda ng posisyon sa mag-aaral sa postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, o pagtatrabaho; at iba pang mga tagapaghudyat ng pangkalahatang kalidad ng programa. Para sa mga indibiduwal na humahandag na mapatunayan na sila ay "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" sa pamamagitan ng pag-enroll sa nasabing programa, ang pananagutan ay nasa humihiling para ipakita ang bisa ng programa.

Q34: Paano ko matatatag na ako ay kasalukuyang pumapasok sa paaralan?
A34: Ang mga sapat na dokumento na dapat mong ipakita para mapatunayan na ikaw ay kasalukuyang pumapasok sa paaralan ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa:

- katibayan na ikaw ay naka-enroll sa isang pampubliko, pribado o charter na elementary school, junior high o middle school, high school, o sekundaryang paaralan; alternatibong programa, o homeschool program na nakakatugon sa mga kahilingan ng estado; o
- katibayan na ikaw ay naka-enroll sa isang programa ng edukasyon, kakayahan na magbasa't magsulat, o pagsasanay sa trabaho (kasama na ang vocational training) na:
    - may layunin na mapahusay ang kakayahang magbasa at magsulat, matematika, o Ingles o na nilikha para humantong sa isang pagtatakda ng posisyon sa isang postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, o pagtatrabaho at kung saan ikaw ay nagtatrabaho upang matamo ang nasabing pagtatakda ng posisyon; at
    - ang programa ay pinopondohan nang ganap o bahagi ng pederal o pang-estado na grant o kung mapatunayan ang bisa nito; o
- katibayan na ikaw ay naka-enroll sa isang programa para sa edukasyon na tumutulong sa mga mag-aaral na makakuha ng katumbas na diploma o sertipiko sa high school na kinikilala sa ilalim ng batas ng estado, tulad ng pagpasa sa isang eksaminasyon ng GED o iba pang awtorisado ng estado na eksaminasyon, halimbawa ay ang HiSet o TASC), at ang programa ay may pondo nang buo o bilang bahagi ng pederal, estado, county o municipal gratns o pinamamahalaan ng mga non profit na organisasyon o, kung pinopondohan ng iba pang mga pinagkukuhanan ng tulong, ay nagpapakita ng bisa nito.

Ang nasabing katibayan sa page-enroll ay maaaring kabilang ang: pagtanggap ng mga liham, mga kard ng pagpaparehistro sa paaralan, mga liham mula sa paaralan o programa, mga transcript, mga report card, o mga progress report na maaaring ipakita ang pangalan ng paaralan o programa, petsa ng pagpapa-enroll, at kasalukuyang baitang sa edukasyon o grade, kung may kaugnayan.

Q35: Anong mga dokumento ang maaaring sapat para mapakita na ako ay naka-graduate mula sa high school?
A35: Ang sapat na mga dokumento na magagamit mo para ipakita na ikaw ay nakatapos mula sa high school ay maaring makabilang ang, pero hindi limitado sa, isang diploma sa high school mula sa isang pampubliko o pribadong high school o secondary school, isang sertipiko ng pagtatapos, isang sertipiko ng pagpasok, o isang alternatibong gantimpala mula sa pampubliko o pribadong high school o secondary school, o isang kinilalang katumbas ng high school diploma sa ilalim ng batas ng estado, o sertipiko ng GED o sertipiko sa iba pang pagpasa mula sa awtorisado ng estado na eksaminasyon (hal. HiSet o TASC) sa Estados Unidos

Q36: Anong mga dokumento ang sapat na ibigay para mapakita na ako ay nakatamo ng isang sertipiko sa GED o sertipiko sa pagpasa mula sa iba pang eksaminasyon na awtorisado ng estado

(hal. HiSet o TASC)?
A36: Ang mga dokumento upang mapatunayan mo na ikaw ay nakapasa sa isang pagsusulit ng GED, o iba pang mahahalintulad na eksaminasyon na awtorisado ng estado (hal. HiSet o ASC), at, bilang resulta, ikaw ay nakatanggap ng kinilalang katumbas nga diploma sa high school sa ilalim ng batas ng estado.

Q37: Kung ako ay naka-enroll sa isang pag-aaral na magbasa at magsulat o programa sa pagsasanay sa trabaho, matutugunan ko ba ang mga patnubay?
A37: Oo, sa ilang mga pagkakataon. Maaar mong matugunan ang mga patnubay kung ikaw ay naka-enroll sa isang edukasyon, pag-aaral na magbasa at magsulat, o pagsasanay sa trabaho na programa na may layunin na mapahusay ang kakayahan na magbasa't magsulat, matematika, o Ingles, o na nilikha para humantong sa isang pagtatakda ng posisyon sa isang postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, o pagtatrabaho at kung saan ikaw ay nagtatrabaho upang matamo ang nasabing pagtatakda ng posisyon. Ang nasabing mga programa ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga programa na napondohan, nang ganap o bahagi ng pederal, estado, county o municipal grant, o pinamamahalaan ng non profit na mga organisasyon, o napondohan ng iba pang mga programa na nagpatotoo sa bisa nito.

Q38: Kung ako ay naka-enroll sa isang English as a Second Language (ESL) na programa, matutugunan ko ba ang mga patnubay?
A38: Oo, sa ilang mga pagkakataon. Ang pag-enroll sa isang programa ng ESL ay maaaring gamitin para matugunan ang mga patnubay kung ang programa ng ESL ay napondohan nang ganap o bahagi ng pederal, estado, county o municipal grant, o pinamamahalaan ng non profit na organisasyon, o kung napondohan ng iba pang mga napagkukuhanan ng tulong , ay isang programa na napatunayan ang bisa. Kailangan kang magsumite ng direktang katibayang dokumento na ang programa ay napopondohan nang ganap o bahagi nito ng pederal, estado, county o municipal grant, na pinamamahalaan ng isang non-profit na organisasyon, o kung mapakita ang bisa nito.

Q39: Makokonsidera ba ng USCIS ang mga katibayan bukod sa mga nakalista sa Tsart Num. 1 para mapakita na ako ay nakakatugon sa mga patnubay sa edukasyon?
A39: Hindi. Ang mga katibayan na hindi nakalista sa Tsart Num. 1 ay hindi tatanggapin para matatag na ikaw ay kasalukuyang pumapasok sa paaralan, o nakatapos o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, o nakatamo ng GED o pumasa sa iba pang eksaminasyon na awtorisado ng estado (hal. HiSet o TASC). Kailangan mong magsumite ng alinman sa mga dokumento na nakalista sa Tsart Num. 1 bilang katibayan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay sa edukasyon.

Q40: Makokonsidera ba ng USCIS ang mga katibayan bukod sa mga nakalista sa Tsart Num. 1 para mapakita na ako ay nakakatugon ilang mga paunang patnubay?
A40: Ang mga katibayan na maliban doon sa mga dokumento na nakalista sa Tsart Num. 1 ay maaaring gamitin para matatag na ang mga sumusunod na patnubay at ang mga katotohanang ipinakita kung ang magagamit na mga katibayang dokumento ay hindi sapat o kulang at ipinapakita na:

- Pisikal na namamalagi sa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012;
- Ikaw ay dumating sa Estados Unidos bago sumapit ang iyong ika-16 kaarawan;
- Iyong natutupad ang kahilingan para sa patuloy na paniniraan, basta't nakapagpakita ka ng direktang katibayan ng iyong patuloy na pamamalagi sa Estados Unidos para sa isang bahagi ng hinihiling na limang taong panahon at ang di-direktang katibayan ay ginamit lamang para punan ang mga pagitan sa tagal ng patuloy ng paninirahan tulad nang ipinakita sa diretang katibayan; at
- Ang anumang pagbiyahe sa labas ng Estados Unidos sa hinihiling na panahon ng patuloy na pamamalagi ay mabilisan, nagkataon, at hindi masama.

Gayunman, hindi tatanggapin ng USCIS ang anumang katibayan maliban sa mga dokumento na nakalista sa Tsart Num. 1 bilang pagpapatunay ng alinman sa mga sumusunod na patnubay upang mapakita na ikaw ay:

- Mas bata sa edad na 31 noong Hunyo 15, 2012; at
- Kasalukuyang pumapasok sa paaralan, naka-graduate o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, nakatamo ng GED na sertipiko, o marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano ng Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos;

Halimbawa, kahit na wala kang nasadokumentong katibayan ng inyong pamamalagi sa Estados Unios noong Hunyo 15, 2012, maaari pa rin mong masiyahan ang patnubay. Maaari rin mo itong gawin sa pamamagitan ng pagsusumite ng kapani-paniwalang katibaan na naroroon ka sa Estados Unidos agad bago at makalipas agad ng Hunyo 15, 2012 kung saan, sa ilalim ng mga ipinakitang katotohanan, maaaring magdulot ng hadlang sa iyong pamamalagi rin noong Hunyo 15, 2012. Gayunman, ang katibayan maliban sa mga nakalista sa Tsart Num. 1 ay hindi tatanggapin para matatag na ikaw ay nakatapos mula sa high school. Kailangan mong mag-sumite ng natakdang dokumentasyon na katibayan para masiyahan na ikaw ay nakakatugon sa patnubay na ito.

Ang Tsart Num. 1 ay nagbibigay ng mga halimbawa ng mga dokumento na maaari mong isumite para mapatunayan na ikaw ay nakakatugon sa mga paunang patnubay para sa konsiderasyon ng ipinagpaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito. Mangyari lamang na tingnan ang mga tagubilin sa Form I-821D, Konsiderasyon na Ipagpaliban ang Pagkilos sa mga Musmos o Bata nang Dumating sa Bansa (Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals), para sa karagdagang mga detalye ng tinatanggap na mga dokumento.

Mga Halimbawa ng Mga Dokumento sa Tsart Num. 1 na Maaaring Isumite para Mapatunayan na ikaw ay Nakakatugon sa Mga Patnubay	
Katibayan ng pagkakakilanlan	• Pasaporte o pambansang ID mula sa iyong pinagmulang bansa • Birth certificate na may litratong pagkakakilanlan • ID sa paaralan o militar na may litrato • Anumang dokumento ng imigrasyon ng pamahalaan ng Estados Unidos o iba pang dokumento na nakalahad ang iyong pangalan at litrato
Katibayan na ikaw ay dumating sa Estados Unidos bago ang iyong ika-16 taong gulang kaarawan	• Pasaporte na may tatak ng pagpasok sa Estados Unidos • Form I-94/I-95/I-94W • Mga rekord sa paaralan mula sa mga paaralan sa Estados Unidos na iyong pinasukan • Anumang dokumento ng Immigration and Naturalization Service o DHS na nakalahad ang petsa ng iyong pagpasok (Form I-862, Notice to Appear) • Mga rekord ng pagbiyahe • Mga rekord sa ospital o medikal • Mga resibo sa pag-upa o mga singilin sa pampublikong serbisyo (tubig, kuryente, gas atbp.) • Mga rekord sa pagtatrabaho (mga pay stub, W-2 Form,

Mga Halimbawa ng Mga Dokumento sa Tsart Num. 1 na Maaaring Isumite para Mapatunayan na ikaw ay Nakakatugon sa Mga Patnubay	
	atbp) • Mga opisyal na rekord mula sa relihiyosong samahan na nagkukumpirma sa pagsali sa isang relihiyosong seremonya • Mga kopya ng money order slip para sa perang ipinadala sa o papalabas ng bansa • Mga birth certificate ng mga batang ipinanganak sa Estados Unidos • Mga transaksyon sa bangko na may petsa • Mga resibo ng lisensya o pagpaparehistro ng sasakyan • Mga titulo, mortgage, kontrata sa kasunduan sa pag-upa • Mga resibo sa buwis, mga polisa ng insurance
Katibayan ng katayuan sa imigrasyon	• Form I-94/I-95/I-94W na may awtorisadong petsa ng pagpapasok ng pamamalagi • Huling kautusan ng hindi pagsama, deportasyon, o pagpapaalis na ipinalabas noong Hunyo 15, 2012. • Isang dokumento ng pag-uutos na itinatalaga ka sa mga paglilitis sa pagpapaalis
Katibayan ng pamamalagi sa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012	• Mga resibo sa pag-upa o mga singilin sa pampublikong serbisyo (tubig, kuryente, gas atbp.) • Mga rekord sa pagtatrabaho (mga pay stub, W-2 Form, atbp) • Mga rekord sa paaralan (mga liham, mga report card, atbp.) • Mga rekord sa militar (Form DD-214 o NGB Form 22) • Mga opisyal na rekord mula sa relihiyosong samahan na nagkukumpirma sa pagsali sa isang relihiyosong seremonya • Mga kopya ng money order slip para sa perang ipinadala sa o papalabas ng bansa • Mga nakasulat sa pasaporte • Mga birth certificate ng mga batang ipinanganak sa Estados Unidos • Mga transaksyon sa bangko na may petsa • Mga resibo ng lisensya o pagpaparehistro ng sasakyan • Mga titulo, mortgage, kontrata sa kasunduan sa pag-upa • Mga resibo sa buwis, mga polisa ng insurance
Katibayan na ikaw ay patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula noong Hunyo 15, 2007	
Katibayan ng iyong katayuan sa edukasyon sa panahon nang hiniling ang	• Mga rekord sa paaralan (mga transcript, mga report card, atbp.) mula sa paaralan na kasalukuyan mong pinapasukan sa Estados Unidos na nagpapakita ng (mga)

Mga Halimbawa ng Mga Dokumento sa Tsart Num. 1 na Maaaring Isumite para Mapatunayan na ikaw ay Nakakatugon sa Mga Patnubay	
konsiderasyon sa DACA	pangalan ng (mga) paaralan at mga panahon ng pagpasok sa paaralan at ang kasalukuyang antas o baitang sa pag-aaral • high school na diploma sa Estados Unidos, sertipiko ng pagtatapos, o iba pang alternatibong gantimpala • Ang katumbas ng high school na diploma o sertipiko na kinikilala sa ilalim ng batas ng estado • Katiabayan na ikaw ay pumasa sa isang awtorisado ng estado na eksaminasyon, kasama na ang GED o iba pang eksaminasyn na awtorisado ng estado (halimbawa, HiSet o TASC) sa Estados Unidos
Katibayan na ikaw ay marangal na tumiwalag (honorably discharged) na beterano ng Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos o ng Coast Guard ng Estados Unidos	• Form DD-214, Certificate of Release o Discharge mula sa Aktibong Pagganap ng Tungkulin sa Militar • NGB Form 22, National Guard Report of Separation at Rekord sa Paglilingkod • Mga rekord sa mga tauhan ng Militar • Mga rekord pangkalusugan ng Militar

Q41: Ako ba ay maaaring magsampa ng mga affidavit bilang katibayan na ako ay nakakatugon sa mga paunang patnubay para sa konsiderasyon sa DACA?
A41: Ang mga affidavit ay karaniwang hindi sapat kung ipapakita mag-isa para mapatunayan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay para ikaw ay mabigyan ng konsiderasyon sa DACA ng USCIS. Gayunman, ang mga affidavit ay maaaring gamitin para bigyang suporta ang pagtutugon sa mga sumusuportang patnubay lamang kung ang katibayang dokumento na makukuha mo ay hindi sapat o kulang;

- Nagpapatunay na ikaw ay nakakatugon sa kahilingan para sa limang taon na patuloy na paninirahan; at
- Pagtatatag na ang mga pag-alis sa panahon ng patuloy na pamamalagi ay sasaglit lang, casual at inosente.

Kung ikaw ay mag-sumite ng mga affidavit na may kaugnayan sa kriterya sa itaas, kailangan mong mag-sumite ng dalawa o higit pang mga affidavit, na sinumpaan o pinatotohanan ng mga taong maliban sa iyong sarili, na may direktang personal na kaalaman sa mga pangyayari at kaganapan. Kung magpasya ang USCIS na ang mga affidavit ay hindi sapat para makapanaig sa hindi pagkakaroon ng kulang na mga dokumento na magsisilbing katibayan na tungkol sa kahit alin sa mga patnubay na ito, ito ay magpapalabas ng Kahilingan ng Katibayan, na nagpapahiwatig na dapat magsumite ng karagdagang katibayan para mapatunayan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay na ito.

Hindi tatanggap ang USCIS ng mga affidavit bilang katibayan ng pagsisiya sa mga sumusunod na patnubay:

- Kasalukuyan kang pumapasok sa paaraan, nakatapos na, o nakatamo ng sertipiko ng pagtataos o iba pang alternatibong gantimpala mula sa high school, nakatamo ng katumbas ng diploma sa high school o sertipiko (tulad ng pagpasa sa eksaminasyon ng GED o iba pang eksaminasyon na awtorisado ng estado [halimbawa, HiSet o TASC], o isang honorably discharged na beterano mula sa Coast Guard o Armed Forces ng Estados Unidos;
- Pisikal na namamalagi sa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012;
- Ikaw ay dumating sa Estados Unidos bago sumapit ang iyong ika-16 kaarawan;
- Ikaw ay mas bata sa edad na 31 noong Hunyo 15, 2012; at
- Ang iyong kasaysayang kriminal, kung naaangkop.

Kung ang natatanging katibayan na iyong isumite para ipakita na ikaw ay nakakatugon sa alinman sa mga nakasaad sa itaas na patnubay ay isang affidavit, ang USCIS ay magpapalabas ng isang Kahilingan ng Katibayan, na nagpapahiwatig na hindi mo napatunayan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay na ito at dapat mong gawin ito upang mapatunayan na ikaw ay nakakatugon sa nasabing patnubay na iyon.

Q42: Ako ba ay maaaring makonsidera na may iligal na katayuan kung ako ay may aplikasyon para sa asylum o pagkakansela sa pagpapaalis na nakabinbin sa harap ng USCIS o ng Executive Office for Immigration Review (EOIR) sa Hunyo 15, 2012?
A42: Oo. Kung ikaw ay may aplikasyon para sa asylum o pagkakansela sa pagpapaalis, o anumang katulad na pagtanggal, na nakabinbin sa USCIS o sa EOIR sa petsang Hunyo 15, 2012, pero walang iligal na katayuan, ikaw ay maaaring humiling ng konsiderasyonsa DACA.

Q43: Ako ay pinapasok para sa "tagal ng katayuan" o para sa panahon na pinatagal hanggang Hunyo 14,2012 pero lumabag sa aking katayuan sa imigrasyon (hal. sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng walang awtorisasyon, kabiguan na mag-ulat sa aking employer, o kabiguan na matapos ang isang kumpletong kurso) bago ang petsa na Hunyyo 15, 2012. Maaari ba akong makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito?
A43: Hindi, maliban na lang kung ang Executive Officer for Immigration Rview ay tinapos ang iyong katayuan sa pamamagitan ng pagpapalabas ng panghuling kautusan ng pagpapaalis laban sa iyo bago ang petsa na Hunyo 15, 2012.

Q44: Ako ay pinapasok para sa "tagal ng katayuan" o para sa takdang panahon na pinatagal hanggang Hunyo 15, 2012. Maaari ba akong makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito?

A44: Oo. Para sa mga layunin na masiyahan ang "hindi nagkaroon ng naaayon sa batas na katayuan noong Hunyo 15, 2012" na patnubay lang, kung ikaw ay pinapasok para sa "tagal ng katayuan" o sa takdang panahon na pinatagal hanggang Hunyo 14, 2012 pero "tumanda" mula sa iyong katayuan bilang dependent immigrant, sa pagsapit o bago ang Hunyo 15, 2012 (na nangangahulugan na ikaw ay umabot sa edad na 21 taong gulang sa pagsapit o bag ang Hunyo 15, 2012), maaari kang makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito.

Q45: Ako ay pinapasok para sa "tagal ng katayuan" pero ang aking katayuan sa SEVIS ay nakalista bilang tapos sa pagsapit o bago ang petsa na Hunyo 15, 2012. Maaari ba akong makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito?

A45: Oo. Para sa layunin na masiyahan ang "hindi nagkaroon ng ayon sa batas na katayuan noong Hunyo 15, 2012" na patnubay lang, kung ang iyong katayuan sa pagsapit ng Hunyo 15, 2012 ay nakalista bilang "tapos" sa SEVIS, maaari kang makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito.

Q46: Ako ay isang mamamayan ng Canada na nainspeksyunan ng CBP pero hindi napalabasan ng I-94 sa panahon ng pagpasok. Maaari ba akong makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito?

A46: Sa pangkalahatan, ang isang mamamayan ng Canada na pinapasok bilang isang bisita para sa negosyo o libang at hindi nabigyan ng isang I-94 , Arrival/Departure Record, (kilala rin bilang "hindi kontrolado" na Canadian nonimmigrant) ay naaayon sa batas na pinapapasok para sa takdang panahon na hanggang anim na buwan. Sa kadahilanang iyon, maliban na lang kung may katibayan, kasama na ang napatotohanang katibayan na ipinagkaloob ng isang indibiduwa, na siya ay tiyak na napayuhan na ang kanyang pagpasok ay para sa ibang tagal ng panahon, ikokonsidera ng Department of Homeland Security (DHS) para sa layunin lang ng DACA, na ang alien ay naaayon sa batas na pinapasok para sa takdang panahon na hanggang anim na buwan. Samakatuwid, kung mapapatotohanan ng DHS mula sa mga rekord nito na ang iyong huling hindi kontroladong pagpasok ay naganap noong o bago sumapit ang Disyembre 14, 2011, ikokonsidera ng DHS ang inyong katayuan bilang nonimmigrant visitor na nagpaso noong Hunyo 15, 2012 at maaari kang makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito.

Q47: Ginamit ko ang aking Border Crossing Card (BCC) para makapasok sa Estados Unidos at hindi nabigyan ng isang I-94 sa oras ng pagpasok. Maaari ba akong makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito?

A47: Dahil ang mga limitasyon sa pagpasok ng isang may hawak ng BCC ay nag-iiba iba batay sa lokasyon ng pagpasok at pagbiyahe, ipapalagay ng DHS na ang may hawak ng BCC na hindi nabigyan ng I-94 ay pinapasok sa pinakamatagal na panahon na legal—30 araw—maliban kung mapapakita ng indibiduwal, sa pamamagitan ng napapatotohanang katibayan, na tiyak siyang napayuhan na ang kanyang pagpasok ay para sa ibang tagal ng panahon. Ayon dito, kung mapapatotohanan ng DHS mula sa mga rekord nito na kung sa iyong huling pagpasok ay gumamit ng BCC, hindi ka binigyan ng I-94 sa oras ng pagdating, at ito ay naganap sa pagsapit o bago ang Mayo 14, 2012, ikokonsidera ng DHS ang iyong nonimmigrant visitor na katayuan na nagpaso noong Hunyo 15,2012 at maaari kang makonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito.

Q48: Ako ba ay patuloy na may labag sa batas na pamamalagi kung ako ay may nakabinbin na paunang kahilingan para sa konsiderasyon sa DACA?
A48: Ikaw ay patuloy na namamalagi na labag sa batas habang ang kahilingan para sa konsiderasyon sa DACA ay nakabinbin pa, maliban lamang kung ikaw ay mas bata sa 18 taong gulang sa panahon ng pagbigay ng kahilingan. Kung ikaw ay mas bata sa 18 taong gulang sa panahon na isinumite mo ang iyong kahilingan, hindi madadagdagan ang iyong labag sa batas na pamamalagi habang nakabinbin ang kahilingan, kahit na ikaw ay sumapit na sa edad na 18 taong gulang habang nakabinbin ang iyong kahilingan sa USCIS. Kung ang pagkilos sa iyong kaso ay ipinagpaliban, hindi madadagdagan ang iyong labag sa batas na pamamalagi sa panahon ng ipinapaliban na pagkilos. Gayunman, ang pagpapaliban ng kilos sa iyong kaso ay hindi nangangahulugan na hindi ka kasali sa dating patuloy na pamamalagi na labag sa batas.

Bumalik sa itaas.

III. Pagpapa-renew ng DACA

Q49: Kailan ko dapat isampa ang aking kahilingan para sa pagpapa-renew sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS)?

A49: Hinihikayat ka ng USCIS na isumite ang iyong kahilingan para sa pagpapa-renew ng halos 120 araw (o 4 na buwan) bago magpaso ang proseso para sa iyong kasalukuyang panahon ng ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA) Kung ikaw ay nagsampa ng humigit kumulang na 120 araw bago ang iyong ipinagpaliban na pagkilos at ang Employment Authorization Document (EAD) ay nagpaso at hindi inaasahan na ang USCIS ay naantala sa pagpoproseso ng iyong kahilingan para sa renewal, maaaring magkaloob ang USCIS ng ipinapaliban na pagkilos at awtorisasyon para sa pagtrabaho sa maiksing takdang panahon hanggang mapagpasyahan ang iyong pagpapa-renew. Gayunman, kung ikaw ay magsampa ng iyong kahilingan para sa pagpapa-renew ng higit sa 150 araw bago ang pagpapaso ng iyong kasalukuyang panahon ng ipinagpaliban na pagkilos, maaaring tanggihan ng USCIS ang iyong pagpasok at isauli ito sa iyo nang may mga tagubilin na isumite muli ang iyong kahilingan ng mas malapit sa petsa ng pagpapaso.

Q50: Paano tatasahin ng USCIS ang aking kahilingan para sa pagpaparenew ng DACA:

A50: Maaari kang makonsidera para sa pagpapa-renew ng DACA kung natugunan mo ang mga patnubay para sa konsiderasyon ng Paunang DACA (sumangguni sa itaas) AT ikaw ay:

1. Hindi umalis sa Estados Unidos sa pagsapit o makalipas ang Agosto 15, 2012, nang walang paunang parole;

2. Patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula nang iyong nasumite ang iyong pinakahuling kahilingan para sa DACA na naaprubahan para hanggang sa ngayon; at

3. Hindi napatunayang may sala ng isang krimen, matinding paglabag sa batas, o tatlo o higit pang paglabas sa batas, at hindi matuturing na isang banta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko.

Ang mga patnuba na ito ay dapat matugunan para sa konsiderasyon ng pagpapa-renew sa DACA. Ang USCIS ang mayroong huling pasya para matiyak kung ang ipinagpaliban na pagkilos ay angkop sa anumang natiyak na kaso kahit na natugunan ang mga patnubay.

Q51: Ako ba ay makakadagdag ng labag sa batas na pamamalagi kung hinahangad ko ang pagpapa-renew at ang aking nakaraang takdang panahon ng DACA ay nagpaso bago ko pa man matanggap ang pagpaparenew ng ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng DACA? Katulad nito, ano ang maaaring mangyari sa aking awtorisasyon para sa pagtatrabaho?

A51: Oo, kung ang iyong nakaraang panahon para sa DACA ay nagpaso bago mo matanggap ang isang pagpaparenew ng ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng DACA, ikaw ay makakadagdag ng labag sa batas na pamamalagi kahit kailan sa pagitan ng mga panahon ng ipinagpaliban na pagkilos maliban na lang kung ikaw ay mas bata sa 18 taong gulang sa panahon na iyong isumite ang iyong kahilingan sa pagpaparenew.

Katulad nito, kung ang iyong nakaraang panahon ng DACA ay nagpaso bago ka makatanggap ng pagpapa-renew ng ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng DACA, hindi ka bibigyan ng awtorisasyon na makapagtrabaho sa Estados Unidos anuman ang iyong edad sa panahon ng pagsasampa hanggang at maliban kung ikaw ay nakatanggap ng bagong dokumento ng awtorisasyon sa pagtatrabaho mula sa USCIS.

Gayunman, kung iyong isinampa ang iyong kahilingan sa pagpaparenew sa USCIS ng humigit kumulang sa 120 araw bago ang iyong ipinagpaliban na pagkilos at nagpaso ang FAD at ang USCIS ay hindi

inaasahan na naantala sa pagpoproseso ng iyong kahilingan sa pagpaparenew, maaaring magkaloob ang USCIS ng ipinagpaliban na pagkilos at awtorisasyon sa pagtatrabaho sa loob ng maiksing panahon.

Q52. Kailangan ko bang magbigay ng mga dagdag na dokumento kapag ako ay humiling ng pagpaparenew ng ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng DACA?

A52. Hindi, maliban n alang kung ikaw ay may mga *bagong* dokumento hinggil sa mga paglilitis sa pagpapaalis o kasaysayan ng krimen na hindi mo pa nasusumite sa USCIS sa isang dati nang naaprubahan na kahilingan sa DACA. Gayunman, ang USCIS ay awtoridad na hilingin sa pagpapasya nito, ng mga dagdag na dokumento, impormason o pahayag na may kaugnayan sa pagpapasya para sa kahilingan ng pagpaparenew ng DACA.

BABALA: Kung kusa at sadya kang nagkaloob ng mga palsong impormasyon sa Form I-821D, ikaw ay nagkakasala na maaaring parusahan para sa mabigat na pederal na krimen at mamultahan, o mabilanggo ng hanggang limang taon, o pareho, sa ilalim ng 18 U.S.C. Section 1001. Dagdag pa dito, ang mga indibiduwal ay maaaring malagay sa mga paglilitis para sa pagpapaalis, humarap sa mga matitinding pagmumulta sa ilalim ng batas, at sumailalim sa kriminal na pagsasakdal.

IV. Pagbiyahe

Q 53: Maaari ba akong bumiyahe sa labas ng Estados Unidos bago ako magsumite ng paunang kahilingan para sa Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA) o habang ang aking kahilingan sa DACA ay nananatiling nakabinbin sa Department of Homeland Security (DHS)?
A53: Anumang di awtorisadong pagbiyahe sa labas ng Estados Unidos sa pagsapit o makalipas ang Agosto 15, 2012 ay makakasagabal sa iyong patuloy na paninirahan at hindi ka makokonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito. Anumang pagbiyahe sa labas ng Estados Unidos n naganap sa o makalipas ang Hunyo 15, 2007, pero bago sumapit ang Agosto 15, 2012 ay tatasahin ng U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) para mapasyahan kung ang pagbibiyahe ay kuwalipikado bilang madalian, casual at inosente. (Tingnan ang Tsart Num. 2.)

BABALA: Kailangan ay alam mong kung ikaw ay inutusan na ma-deport o paalisin, at gayon ikaw ay umalis sa Estados Unidos, ang iyong pag-alis ay marahil na magresulta sa pagkokonsidera na ma-deport o mapaalis, na may posibleng malubhang resulta sa imigrasyon sa hinaharap.

Q54: Kung ang aking kaso ay ipinagpaliban sa ilalim ng DACA, ako ba ay makakabiyahe sa labas ng Estados Unidos?
A54: Hindi ito awtomatiko. Kung nagpasya ang USCIS na ipagpaliban ang kilos sa iyong kaso at nais mong bumiyahe sa labas ng Estados Unidos, kailangan mong mag-apply para sa paunang parole sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang Form I-131, Aplikasyon para sa Dokumento sa Pagbiyae at pagbayad ng naaangkop na singil ($360). Magpapasya ang USCIS kung ang iyong layunin para sa pagbiyahe sa ibang bansa ay makatuwiran batay sa mga pagkakataon na iyong nailarawan sa iyong kahilingan. Karaniwan, ang USCIS ay magbibigay lang mga advance na parole kung ang iyong pagbiyahe sa ibang bansa ay para sa karagdagang:

- mga layunin na kawang-gawa, kasama na ang pagbiyahe para makatamo ng medikal na paggagamot, pagsali sa mga serbisyo ng paglilibing para sa miyembro ng pamilya, o pagbisita sa isang nagdurusa at nanghihinang kamag-anak;
- mga layunn ng edukasyon, tulad ng mga programa ng pag-aaral ng isang semester sa ibang bansa at mga pananaliksik para sa pag-aaral, o;

- mga layunin ng pagtrabaho tulad ng mga pagkakadestino sa ibang bansa, mga interview, mga komperensya o, pagsasanay, o mga meeting sa mga kliyente sa ibang bansa.

Pagbiyahe bilang bakasyon ay hindi isang balidong batayan para sa advance parole.

Hindi ka maaaring mag-apply para sa paunang parole maliban at hangga't ipinagpaliban ng USCIS ang kilos sa iyong kaso sa ilalim ng proseso ng konsiderasyon sa DACA. Hindi ka maaaring mag-apply para sa paunang parole na kasabay ang iyong pagsumite ng iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa DACA. Ang lahat ng mga kahilingan para sa paunang parole ay isasaalang-alang batay sa bawat kaso.

Kung ipinagpaliban ng USCIS ang kilos sa iyong kaso sa ilalim ng proseso ng konsiderasyon sa DACA makalipas na ikaw ay bigyang utos na ma-deport o paalisin, maaari ka pa ring humiling ng paunang parole kung ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay para sa paunang parole na inilarawan sa itaas.

BABALA: Gayunman, sa mga indibiduwal na nautusan na ma-deport o paalisin, at bago ka tunay na umalis mula sa Estados Unidos, dapat mong hangarin na muling pabuksan ang iyong kaso sa harap ng Executive Office for Immigration Review (EOIR) at kumuha ng administratibong pagsasara o pagtatapos sa paglilitis sa iyong pagpapaalis. Kahit na pagkatapos na iyong hilingin sa EOIR na muling buksan ang iyong kaso, hindi ka dapat umali sa Estados Unidos hangga't matapos na maibigay ng EOIR ang iyong kahilingan. Kung ikaw ay umalis makalipas na bigyan ng kautusan na ma-deport o paalisin, at ang iyong paglilitis sa pagpapaalis ay hindi pa nabuksan muli at walang administratibong pagsasara o pagtatapos, ang iyong pag-alis ay maaaring magresulta sa pagkokonsidera na ma-deport o mapaalis, na may posibleng malubhang resulta sa imigrasyon sa hinaharap. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa proseso na ito, maaari kang makipag-ugnayan sa U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE) sa pamamagitan ng lokal na CE Office of the Chief Counsel na may hurisdiksyon sa iyong kaso.

BABALA: Kung ikaw ay bumiyahe sa labas ng Estados Unidos sa o makalipas ang Agosto 15, 2012 ng hindi muna tumatanggap ng advance parole, ang iyong pag-alis ay awtomatikong magtatapos sa iyong ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng DACA.

Q55: Ang mga mabilisang pag-alis ba mula sa Estados Unidos ay makakagambala sa kahilingan ng patuloy na paninirahan?
A55: Isang mabilis, casual at inosenteng pagkawala mula sa Estados Unidos ay hindi makakagambala sa iyong patuloy na paninirahan. Kung ikaw ay wala sa Estados Unidos, ang iyong pagkawala ay matuturing na mabilisan, casual at inosente kung ito ay sa pagsapit o makalipas ang Hunyo 15, 2007 at bago ang Agosto 15, 2012, at:

1. Ang pagkawala ay mabilis at makatuwiran na nakuwenta para matamo ang nilalayon ng pagkawala;
2. Ang pagkawala ay hindi dahil sa isang kautusan ng pagpalayas, deportasyon, o pagpapaalis;
3. Ang pagkawala ay hindi dahil sa isang kautusan para sa kusang pag-alis, o bigay ng pamamahala ng kusang pag-alis bago ang iyong paglilitis sa pagpapalayas, deportasyon, o pag-alis; at
4. Ang layunin ng pagkawala at/o iyong mga pagkilos habang nasa labas ng Estados Unidos ay hindi labag sa batas.

Sa sandaling naaprubahan ng USCIS ang iyong kahilingan para sa DACA, maaari kang magsampa ng iyong kahilingan para sa DACA, maaari kang magsampa ng Form I-131, Application for Travel Document, para mahiling ang advance parole na bumiyahe sa labas ng Estados Unidos.

BABALA: Kung ikaw ay bumiyahe sa labas ng Estados Unidos sa o makalipas ang Agosto 15, 2012 ng hindi muna tumatanggap ng advance parole, ang iyong pag-alis ay awtomatikong magtatapos sa iyong ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng DACA.

Mga Patnubay sa Pagbiyahe (Tsart Num. 2)

Mga Petsa ng Pagbiyahe	Uri ng Pagbiyahe	Ito Ba ay Nakaka-apekto sa Patuloy na Paninirahan
Sa pagsapit o makalipas ang Hunyo 15, 2007, pero bago ang petsa na Agosto 15, 2012	Mabilis, casual at inosente	Hindi
	Para sa pinatagal na panahon Dahil sa isang kautusan ng pagpalayas, deportasyon, kusang pag-alis, o pagpapaalis Para sumali sa isang gawaing krimen	Oo
Sa pagsapit o makalipas ang Agosto 15, 2012 at bago mo hilingin ang ipinagpaliban na pagkilos	Anuman	Oo. Hindi ka maaaring mag-apply para sa paunang parole maliban at hangga't nagpasya ang DHS kung ipagpapaliban ang kilos sa iyong kaso at hindi ka makakabiyahe hangga't ikaw ay nakatanggap ng advance parole. Dagdag pa dito, kung ikaw ay nautusan na dati na madeport at maalis at ikaw ay umalis sa Estados Unidos ng walang ginagawang karagdagang kilos para matugunan ang mga paglilitis sa iyong pagpapaalis, ang iyong pag-alis ay marahil na magreresulta sa pagkokonsidera sa iyo na ma-deport o paalisin, na posibleng magkaroon ng matinding mga konsekuwensya sa imigrasyon sa hinaharap.
Sa pagsapit o makalipas ang Agosto 15, 2012 at makalipas bago mo hilingin ang ipinagpaliban na pagkilos	Anuman	
Sa pagsapit o makalipas ang Agost 15, 2012 at makalipas na matanggap ang DACA.	Anuman	Depende ito. Kung bumiyahe ka makalipas na matanggap ang advance parole, ang biyahe ay hindi makakasagabal sa iyong patuloy na paninirahan. Gayunman, kung bumiyahe ka *ng hindi pa* natatanggap ang advance parole, ang biyahe *ay*

Mga Petsa ng Pagbiyahe	Uri ng Pagbiyahe	Ito Ba ay Nakaka-apekto sa Patuloy na Paninirahan
		makakasagabal sa iyong patuloy na paninirahan.

Q56: Maaari ba akong magsampa ng kahilinga para sa advance parole kasaba ng aking DACA na pakete?

A56: Ang sabay na pagsasampa ng advance parole ay hindi isang opsyon sa ngayon. Gayunman, nirerepaso ng DHS ang patakaran nito sa pagsasampa ng advance parole kasabay ng kahilingan sa DACA. Dagdag pa dito, nirerepaso rin ng DHS ang kriterya nito sa pagiging karapat-dapat para sa advance parole. Kung may mga pagbabago sa patakaran nito, ipapabago ng USCIS ang FAQ nito at ipapaalam sa publiko tulad nang naaangkop.

Bumalik sa itaas.

V. Mga Kriminal na Pagsasakdal

Q57: Kung may paghahatol sa akin para sa isang pagkakasala ng mabigat na krimen, isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas (misdemeanor offense), o maraming pangyayari ng maliliit na paglabag sa batas, maaari ko bang gamitin ang mabuting pagpapasya ng tagausig sa ilalim ng bagong prosesong ito?
A57: Hindi. Kung ikaw ay nahatulan para sa isang pagkakasala ng mabigat na krimen, isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas (misdemeanor offense), o tatlo o higit pang ibang pangyayari ng maliliit na paglabag sa batas na hindi naganap sa iisang petsa at hindi sanhi ng parehong kilos, pagkasama, o mga kombinasyon ng maling pag-aasal, ikaw ay hindi maaaring ikonsidera para sa Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA) maliban kung magpasya ang Department of Homeland Security (DHS) na may mga bukod-tanging katayuan.

Q58: Anong mga pagkakasala ang natuturing na mabigat na kasalanan o "felony"?
A58: Ang mabigat na kasalanan sa batas o felony ay isang krimen sa pederal, estado, o lokal na mapaparusahan sa pamamagitan ng pagkakakulong sa isang takdang panahon na lampas sa isang taon.

Q59: Anong mga sala ang bumubuo sa isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas o "misdemeanor"?
A59: Para sa layunin ng prosesong ito, ang misdemeanor ay isang paglalabag sa batas tulad nang tinutukoy sa batas pederal (partikular na dito, ang isa kung saan ang pinakamatagal na takdang panahon para sa pagkakabilanggo na awtorisado ay isang taon o mas kaunti pa pero mas higit sa limang araw) at iyon ay nakakatugon sa kriterya:

1. Anuman ang nabigay na hatol, ito ay isang sala ng karahasan sa tahanan (domestic violence); sexual abuse o pagsasamantala; pagnanakaw: labag sa batas na pagdadala o paggamit ng armas; distribusyon ng droga o trafficking; o, pagmamaneho na lasing sa alak o gumon sa droga; o,
2. Kung hindi isang pagkakasala na nakalista sa itaas, ay isang pagkakasala na kung saan ang indibiduwal ay nahatulan na ma-kustodya ng higit sa 90 araw. Ang sentensya ay dapat kinasasangkutan ng panahon na nasa kustodya, at samakatuwis ay hindi kabilang ang nasuspinde na sentensya.

Ang panahon ng kustodya ay hindi kasama ang anumang panahong nabilanggo na higit sa sentensya ng krimen batay sa ahensyang nagpapatupad ng batas sa estado o panlokal na pagkikilala pagkakalagay sa detensyon ng nabilanggo na ipinalabas ng U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE). Sa kabila nang nakasaad sa itaas, ang desisyon kung ipagpapaliban ang kilos sa isang partikular na kaso bilang isang nakilalang iisa lamang at may mabuting pagpapasya na isinagawa nang isinasaalang-alang ang pangkalahatan ng mga pangyayari. Samakatuwid, ang kawalan ng kasaysayang kriminal na nakabalangkas sa itaas, o ang pagkakaroon nito, ay hindi masasabing magbibigay desisyon, pero isang salik na dapat isaalang-alang sa hindi marerepasong paggamit ng mabuting pagpasya. Nananatiling nasa DHS ang mabuting pagpapasya para matiyak kung ang isang indibiduwal ay walang karapatan para sa ipinagpaliban na kilos batay sa nag-iisang kriminal na sala kung saan ang indibiduwal ay nasentensyahan ng panahon na nasa kustodya ng 90 araw o mas kaunti pa.

Q60: Anong mga sala ang bumubuo sa isang di-makabuluhang maliit na paglabag sa batas o "misdemeanor"?
A60: Para sa layunin ng prosesong ito, ang di-makabuluhang maliit na paglabag sa batas ay anumang misdemeanor tulad nang tinutukoy sa batas pederal (partikular na dito, ang isa kung saan ang pinakamatagal na takdang panahon para sa pagkakabilanggo na awtorisado ay isang taon o mas kaunti pa pero mas higit sa limang araw) at iyon ay nakakatugon sa kriterya:

1. Hindi isang sala ng karahasan sa tahanan; sexual abuse o pagsasamantala; pagnanakaw: labag sa batas na pagdadala o paggamit ng armas; distribusyon ng droga o trafficking; o, pagmamaneho na lasing sa alak o gumon sa droga; at
2. Ay isang sala kung saan ang indibiduwal ay nahatulan ng panahon na nasa kustodya ng 90 araw o mas kaunti. Ang panahon na nasa kustodya ay hindi kasama ang anumang panahong nabilanggo na higit sa sentensya ng krimen batay sa ahensyang nagpapatupad ng batas sa estado o panlokal na pagkikilala pagkakalagay sa detensyon ng nabilanggo na ipinalabas ng ICE.

Sa kabila nang nakasaad sa itaas, ang desisyon kung ipagpapaliban ang kilos sa isang partikular na kaso bilang isang nakilalang iisa lamang at may mabuting pagpapasya na isinagawa nang isinasaalang-alang ang pangkalahatan ng mga pangyayari. Samakatuwid, ang kawalan ng kasaysayang kriminal na nakabalangkas sa itaas, o ang pagkakaroon nito, ay hindi masasabing magbibigay desisyon, pero isang salik na dapat isaalang-alang sa hindi marerepasong paggamit ng mabuting pagpasya.

Q61: Kung mayroon akong minor na sala sa trapiko, tulad ng pagmamaneho ng walang lisensya, ito ba ay maituturing na isang di-makabuluhang maliit na paglabag sa batas na mabibilang patungo sa "tatlo o mas maraming di-makabuluhang maliit na paglabag sa batas" na magagawang hindi ako maaaring makonsidera para sa gamitin ang mabuting pagpapasya ng tagausig sa ilalim nitong bagong proseso?
A61: Ang isang minor na sala sa trapiko ay hindi maituturing na isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas para sa mga layunin ng prosesong ito. Gayunman, ang iyong buong kasaysayan ng pagkakasala ay ikokonsidera kasama ng iba pang mga katotohanan tungkol sa iyo upang mapagpasyahan kung, sa ilalim ng kabuuan ng mga pangyayari, ikaw ay may karapatan na gamitin ang mabuting pagpapasya ng tagausig.

Mahalagang bigyang-liwanag na ang pagmamaneho nang nasa impluwensya ng alak o droga ay isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas anuman ang nabigay na hatol.

Q62: Ano ang kuwalipikado bilang banta sa pambansang seguridad o pampublikong kaligtasan?
A62: Kung sa pagsusuri sa kasaysayan o iba pang impormasyon na natuklasan habang nirerepaso ang iyong kahilingan para sa ipinagpaliban na kilos ay nagpahiwatig na ang iyong pamamalagi sa Estados

Unidos ay nagbabanta sa pampublikong kaligtasan o pambansang seguridad, ikaw ay hindi makakatanggap ng konsiderasyon para sa paggamit ng mabuting pagpapasya ng tagausig maliban kung pagpasyahan ng DHS na may mga katayuang bukod-tangi. Ang mga naghuhudyat na ikaw ay tumatayong isang banta ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, pagiging kasali sa isang gang, pagkakasangkot sa mga gawaing kriminal, o pagsali sa mga aktibidad na nagbabanta sa Estados Unidos.

Q63: Ang mga sala bang naturing na mabigat na kasalanan o "felony" o mga maliliit na paglabag sa batas o "misdemeanor" ayon sa mga batas ng estado sa imigrasyon ay matuturing na mga felony o misdemeanor para sa layunin ng prosesong ito?
A63: Hindi. Ang mga sala na may kaugnayan sa imigrasyon na nauri bilang mga felony o misdemeanor ayon sa mga batas ng estado sa imigrasyon ay hindi pakikitunguhan bilang mga nag-aalis na karapatan na felony o misdemeanor para sa layunin ng pagbibigay ng konsiderasyon para sa ipinagpaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito.

Q64: Maikokonsidera ba ng DHS ang aking hatol na nabura na o hatol sa aking kabataan, bilang isang sala na magagawang hindi ako maaari para sa mabuting pagpapasya ng tagausig?
A64: Ang mga paghahatol na nabura na at mga sentensya nang kabataan ay hindi awtomatikong magtatanggal ng iyong mga karapatan. Ang iyong kahilingan ay tatasahin batay sa bawat kaso upang mapagdesisyonan kung, sa ilalim ng mga partikular na pangyayari, nasisiguro ang isang mainam na pagsasagawa ng mabuting pagpapasya ng tagausig. Kung ikaw ay bata pa nang mangyari, pero sinubukan at nahatulan bilang isang adulto, ikaw ay pakikitunguhan bilang isang adulto para sa mga layunin ng proseso ng DACA.

Bumalik sa itaas.

VI. Samu't Sari

Q65: Ang Administrasyon bang ito ay nananatiling may pananagutan sa isang malakihang pagbabago sa imigrasyon?
A65: Oo. Ang Administrasyon ay patuloy na pinipilit para sa agarang pagpapasa ng malakihang pagbabago sa imigrasyon, kasama na ang DREAM Act, dahil naniniwala ang Presidente na ang mga hakbang na ito ay kritikal sa pagtatatag ng isang nasa ika-21 siglong sistema ng imigrasyon na nakakatugon sa mga pangangailangang ekonomiko at seguridad ng bansa.

Q66: Ang pagpapasa ba ng DREAM Act ay kinakailangan pa rin sa dahilan ng bagong proseso?
A66: Oo. Ang memorandum noong Hunyo 15, 2012 ng Secretary of Homeland Security na nagpapahintulot sa mga tao na humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos ay ang pinakahuli sa isa sa serye ng mga hakbang na ginagawa ng DHS para pagtuunan ng pansin ng mga resources sa pagpapatupad ng batas sa pagpapaalis sa mga indibiduwal na tumatayong panganib sa pambansang seguridad o isang panganib sa kaligtasan ng publiko. Ang Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA) ay ang paggamit ng mabuting pagdesisyon at hindi nagbibigay ng ayon sa batas na katayuan o paraan para magkaroon ng citizenship o pagiging mamamayan. Tulad nang sinabi ng Presidente, ang mga indibiduwal na kuwalipikado para sa DREAM Act ay nararapat na magkaroon ng katiyakan sa kanilang katayuan. Ang Kongreso lamang, na kumikilos sa pamamagitan ng lehisletibong kapangyarihan nito, ay maaaring magbigay ng kaityakan na kasabay ng pagkakaroon ng paraan sa isang permanenteng ligal na katayuan.

Q67: Ang ipinagpaliban na kilos ba ay nagkakaloob sa akin ng paraan upang magkaroon ng katayuan bilang permanenteng residente o citizenship?
A67: Hindi. Ang ipinagpaliban na klos ay isang uri ng pagpapasya sa pamamagitan ng pag-uusig na hindi

nagbibigay sa iligal na permanenteng residente na katayuan o paraan upang magkaroon ng citizenship. Ang Kongreso lamang, na kumikilos sa pamamagitan ng lehislatibong kapangyarihan nito, ang maaaring makaayon sa mga karapatan na ito.

Q68: Maaari ba akong makonsidera sa ipinagpaliban na kilos kahit na hindi ako nakakatugon sa mga patnubay para para sa konsiderasyon sa DACA?
A68: Ang prosesong ito ay para lang mga indibiduwal na nakakatugon sa mga partikular na patnubay para sa DACA. Ang ibang mga inidibiduwal ay maaaring, batay sa bawat kaso, humiling ng ipinagpaliban na kilos mula sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) o sa U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE) sa ilang mga pagkakataon, na umaalinsunod sa mga dati nang isinasagawang pamamalakad.

Q69: Paano pamamahalaan ng ICE at USCIS ang mga kaso na kasangkot ang mga indibiduwal na hindi nakakatugon sa mga patnubay ng prosesong ito pero naniniwala na sila ay maaaring makatiyak sa pagpapatupad ng mabuting pagpapasya ng tagausig sa ilalim ng Prosecutorial Discretion Memoranda noong HUnyo 2011.
A69: Kung mapagpasyahan ng USCIS na ikaw ay hindi nakakatugon sa mga patnubay o dili kaya'y napasyahan na ikaw ay hindi nakakatiyak sa pagpapatupad ng karapatan para sa mabuting pagpapasya ng tagausig, sa gayon ay tatanggihan nito ang ipinagpaliban na kilos sa iyong kaso. Kung kasalukuyan kang sumasailalim sa mga paglilitis sa pagpapaalis, may huling kautusan, o may kautusan para sa kusang pag-alis, sa gayon ay maaari mong hilingin sa ICE na ikonsidera kung dapat gamitin ang mabuting pagdesisyon.

Q70: Paano ko dapat sagutan ang tanong siyam sa Form I-765, Aplikasyon para sa Awtorisasyon sa Pagtrabaho (Application for Employment Authorization)?
A70. Kapag ikaw ay nagsu-sumite ng Form I-765 bilang bahagi ng kahilingan ng DACA, ipinapalista sa tanong sa numero 9 ang iyong mga numero ng Social Security na opisyal na na-isyu sa iyo ng Social Security Administration.

Q71: May namamahalang pagrerepaso ba sa mga desisyon ng USCIS sa ilalim ng prosesong ito?
A71: Oo. Ang USCIS ay nagpapatupad ng isang matagumppay na supervisory na proseso ng pagrerepaso para matiak ang isang patuloy na proseso para sa pagkokonsidera ng mga kahilingan sa DACA.

Q72: May pananagutan ba ang mga tauhan ng USCIS sa pagrerepaso ng mga kahilingan para sa DACA na tumanggap ng mga espesyal na pagsasanay?
A72: Oo. Ang mga tauhan ng USCIS na responsable sa pagkokonsidera ng mga kahilingan para sa konsiderasyon sa DACA ay tumanggap ng espesyal na pagsasanay.

Q73: Ang mga abogado at mga pinagkakatiwalaang mga kinatawan na nagkakaloob ng mga pro bono (libre) na serbisyo para sa ipinagpaliban na kilos sa mga humihiling sa mga kaganapan ng pagtulong sa grupo ay dapat magsumite ng Form G-28 sa USCIS?

A73: Sa ilalim ng 8 C.F.R. §§ 292.3 at 1003.102, ang mga propesyonal ay hinihiling na magsampa ng isang Abiso ng Pagpasok ng Pagpapakita (Notice of Entry of Appearance) bilang Abogado o Binigyang Kapangyarihan na Kinatawan kapag sila ay kumilos na may kinalaman sa imigrasyon sa harap ng DHS, nang personal o sa pamamagitan ng paghahanda o pagsasampa ng anumang pagbibigay buod, applicaion, petisyon, o iba pang dokumento. Sa ilalim ng mga tuntunin na ito, ang isang propesyonal na patuloy na lumalabag sa kahilingan na magsampa ng isang Form G-28 ay maaaring sumailalim sa mga tadhanang parusang pandisiplina; Gayunman, noong Peb. 28, 2011, nagpalabag ang USCIS ng isang pahayag na nagsasabing hindi nito nilalayon na simulan ang mga paglilitis para sa pagdidisiplina laban sa mga

propesyonal (mga abogado at binigyang kapangyarihan na kinatawan) batay lang sa kabiguan na makapagsumite ng Abiso ng Pagpasok ng Pagpapakita (Notice of Entry of Appearance) bilang Abogado o Binigyang Kapangyarihan na Kinatawan (Form G-28) bilang kaugnayan sa mga serbisyo na pro bono na ipinagkakaloob sa mga kaganapan ng tulong sa grupo. Ang DHS ay nasa proseso ng pagpapalabas ng panghuling pagpapasya kung saan ang paksang ito ay muling tatasahin.

Q74: Kailan dapat lumagda ang indibiduwal sa Form I-821D bilang isang tagapaghanda?
A74: Tuwing may ibang tao, maliban sa humihiling, ang naghanda o tumtulong na sulatan ang Form I-821D, ang nasabing indibiduwal ay dapat na kumpletuhin ang Part 5 ng Form.

Q75: Kung ako ay magkaloob sa aking empleyado ng impormasyon hinggil sa kaniyang pagtatrabaho bilang suporta sa kahilingan sa konsiderasyon sa DACA, ang impormasyong ba na iyon ay magagamit para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon laban sa akin at/o aking kompanya?
A75: Ikaw ay maaaring, kung kailan mo inaakalang kinakailangan, magkaloob sa mga indibiduwal na humihiling ng DACA na may dokumento na nagpapatotoo sa kanilang pagtatrabaho. Ang impormasyong ito ay hindi ibabahagi sa ICE para sa mga sibil na layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon sa ilalim ng section 274A ng Immigration and Nationality Act (may kaugnayan sa labag sa batas na pagtrabaho) maliban kung may katibayan ng kapansin-pansing paglalabag sa mga kriminal na batas o malawakang mga pag-aabuso.

Q76: Maaari ba akong humiling ng konsiderasyon para sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito kung ako ay nakatira sa Commonwealth of the Northern Mariana Islands (CNMI)?
A76: Oo, sa ilang mga pagkakataon. Ang CNMI ay parte ng Estados Unidos sa mga layuning pang-imigrasyon at kasama sa prosesong ito. Gayunman, dahil sa mga partikular na patnubay para sa konsiderasyon sa DACA, ang mga indibiduwal na residente ng CNMI ay madalas na hindi marahil kuwalipikado para sa programa. Kasabay ng iba pang mga baga, kailangan na ikaw ay dumating sa Estados Unidos bago ang iyong ika-16 kaarawan at nanirahan nang tuloy-tuloy sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007.

Sa ilalim ng Consolidated Natural Resources Act of 2008, tang CNMI ay naging bahagi ng Estados Unidos para sa mga layuning pang-imigrasyon na batas lang noong Nobyembre 28, 2009. Samakatuwid, ang pagpasok, o paninirahan sa, CNMI bago ang petsa na iyon ay hindi isang pagpasok , o paninirahan sa, Estados Unidos para sa mga layunin ng DACA.

Ang USCIS ay gumamit ng awtoridad para sa parole sa iba't ibang mga situwasyon sa CNMI para matugunan ang mga partikular na kawang gawa na pangangailangan batay sa bawat kaso simula pa noong Nob. 28, 2009. Kung ikaw ay nanirahan sa CNMI at naniniwalal na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay para sa konsiderasyon sa ipinagpaliban na pagkilos sa ilalim ng prosesong ito, maliban sa iyong pagpasok at/o paninirahan sa CNMI ay naganap nang ganap o bahagi bago ang petsa ng Nob. 28, 2009, ikokonsidera ng USCIS ang iyong situwasyon ayon sa bawat kaso para sa pagbibigay ng parole. Kung magagamit sa iyo ang situwasyon na ito, kailangan mong kumuha ng appointment sa pamamagitan ng INFOPASS sa USCIS ASC sa Saipan para talakayin ang iyong kaso sa isang immigration officer.

Q77: May nagsabi sa akin na kung bayaran ko sila ng isang takdang halaga, maaari nilang mapabilis ang aking kahilingan sa DACA. Totoo ba ito?
A77: Hindi. Walang pagpapabilis na pagpoproseso para sa ipinagpaliban na kilos. Ang mga manlolokong propesyonal ay maaaring mangako na makakapagkaloon sila ng mas mabilis na serbisyo kung bayaran mo sila ng isang takdang halaga. Ang mga taong ito ay nanloloko sa iyo at kukuhanin ang iyong pera.

Bumisita sa aming Avoid Scams na pahina upang matutunan kung paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili mula sa mga scam sa imigrasyon.

Tiyakin na ikaw ay naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga kahilingan para sa konsiderasyon sa DACA mula sa mga opisyal na mapagkukunan ng impormasyon ng gobyerno tulad ng USCIS o ang DHS. Kung naghahanap ka ng ligal na pagpapayo, bumisita sa aming Find Legal Services na pahina upang matutunan kung paano pumili ng isang may lisensyang abogado o mapagkakatiwalaang kinatawan.

Q78: Kailangan ko bang magparehistro sa Selective Service?

A78: Ang karamihan sa mga kalalakihan na naninirahan sa Estados Unidos, na nasa edad mula 18 hanggang 25, ay hinihiling na magparehistro sa Selective Service. Mangyari lang tingnan ang link para sa karagdagang impormasyon. [Selective Service].